## Ang *GBC Pulpit*

Pinaninindigan ng aming iglesia, ang *Grace Baptist Church*, ang paniniwalang pangunahing kasangkapan ng Diyos sa pangangalat ng Kanyang ebanghelyo ng biyaya ay ang pangangaral ng Salita ng Diyos. Wala itong kapalit, o katumbas. Sa maraming taon ng aming pamamalagi, sa pangangaral namin nakita ang maraming bunga sa pagliligtas ng mga makasalanan, at pagpapalago sa mga banal. *Ngunit paano nga silang tatawag sa kanya na hindi nila sinampalatayanan? At paano sila sasampalataya sa kanya na hindi nila napakinggan? At paano sila makikinig kung walang mangangaral?* (Roma 10:14). Sa pangangaral, hindi lamang may naglalahad ng Salita ng Diyos, kundi sa pamamagitan ng nangangaral ay kumikilos ang Diyos. Ang Panginoong HesuKristo mismo ay aktibo sa pangangaral ng Ebanghelyo (Efeso 2:17). Hindi manghihina ang pananalig naming ito.

Gayon man, may iba pang paraan upang ang pangangaral ng Salita ay lalo pang palawakin at palaganapin. Isang subok ng paraan ay ang pagsalin sa panulat ng mga salitang naipangaral sa pulpito. Ang pagbasa ng nakasulat na mensahe ay *hindi pakikinig ng pangangaral* nito. Ngunit bagama't hindi nito pinapalitan ang pangangaral, ang nakasulat na mensahe ay pinagpapala ng Diyos. Marami ang mga may patotoo kung paanong unang natagpuan nila ang katotohanan ng Ebanghelyo sa pamamagitan ng pagbabasa ng mensahe.

Ang pag-asang ito ang siyang nagbunsod sa aming iglesia na magtaguyod ng ministeryo ng panulat ng mga naipangangaral mula sa pulpito. Ito ang *GBC Pulpit*. Iniaalok namin ng may panalangin para sa mga bumabasa ang mga mensaheng nasa mga pahinang ito.

Ang mga mensaheng ito ay unang naipangaral sa pulpito ng *Grace Baptist Church*. Ang pagtugon ng mga miembro sa pangangaral ay tunay na nakapagpapalakas sa isang mangangaral na may munti mang kaloob. Ang mga nauupo sa pangaangaral sa aming iglesia ay magkakahalo - mga taong may mataas na antas na pinag-aralan, at gayon din ay mga simpleng madla. Sa pagpapala ng Diyos, umaasa ang inyong lingkod na maabot pa ng Salita ang marami sa labas ng aming iglesia. Kung mangyari ito, isa lamang itong katibayan na

> *Ang aking salita na lumalabas sa bibig ko;*
> *hindi ito babalik sa akin na walang bunga,*
> *kundi gaganapin ang ayon sa layunin ko,*
> *at magtatagumpay sa bagay na kung saan ay sinugo ko ito*
> Isaias 55:11

Noel A. Espinosa
Pastor, Grace Baptist Church
Paciano Rizal, Bay
Laguna, Philippines

## MENSAHE NG EBANGHELYO

***Juan 3:16***

**February 26, 2012**

Ginimbal na naman tayo ng isang malungkot na balita sa pagkamatay ng isang kababayan natin dahil sa hazing ng isang fraternity sa San Beda College. May karagdagang bigat at lungkot ang ganitong pagpatay sapagkat nakaugnay ito sa pagkakapatiran: mga lalaking 'brod' ang tawagan sa isa't isa pero nauwi sa patayan. Mga bagay na hindi mo maiisip na karugtong ng tinatawag na pag-ibig: kapatiran vs. patayan.

Nakita natin sa mga nakaraang mensahe na maraming maling akala ukol sa pag-ibig ng Dios. Minabuti ko na wakasan ito sa isang tuwirang pangangaral ng ebanghelyo tungkol sa tunay na pag-ibig ng Dios. Maraming magagamit mula sa Kasulatan na positibong pangungusap tungkol sa pag-ibig ng Dios. Ngunit sa mga ito, ang ating gagamitin ay marahil ang pinakabantog sa lahat kaya ito lang yata ang mensahe ko na ang titulo ay ang mismong teksto na aking gagamitin.

Pero isang babala lamang: ano man ang naging popular sa Biblia karaniwan ay naidurugtong sa maling akala. . . mga maling interpretasyon. . . mga maling pagtuturo. Kaya tingnan natin kung ano talaga ang sinasabi ng pangungusap na ito. Bagaman popular at alam ng marami, maaaring nagkakamali tayo ng akala.

**Teksto:**

**Juan 3:16** = *Sapagkat gayon na lamang ang pag-ibig ng Di os sa sanlibutan na ibinigay niya ang kanyang tanging anak upang ang sinuman ang sa kanya'y sumampalataya ay huwag mapahamak kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan.*

Ang konteksto nito ay ang pag-uusap ni Hesus at ng lider ng mga Hudyo na si Nicodemo. Sa pag-uusap na iyan nabanggit ang bantog na pangungusap ni Hesus kay Nicodemo na nagsasabing, *Kailangan mong maipanganak na muli upang ang sinuman ay makapasok sa kaharian ng langit.* At ang kaharian ng langit ay tumutukoy sa paghahari ni Hesus na kinikilala ng mga mananampalataya. Sino man ang makakapasok doon ay kailangan makararanas ng lubos na pagbabago, ng tinatawag na kapanganakang muli. At dito na pumasok ang teksto na nagsasabing *gayon na lamang ang pag-ibig ng Dios sa sanlibutan.*

Karaniwan, inaakala natin na ang tekstong ito ay bahagi pa rin ng pangungusap ni Hesus kay Nicodemo. Ngunit mas tamang tingnan ito na paliwanag na ni Juan tungkol sa mga sinabi ni Hesus kay Nicodemo. Ang pag-uusap ni Hesus at ni Nicodemo ay gumagamit ng panghalip sa pangalawang panauhan ($2^{nd}$ person). Dito sila ay nag-uusap nang tuwiran. Ngunit, pagdating

natin sa talatang 15, 16, ang sumusunod dito ay nasa pangatlong panauhan (3$^{rd}$ person) na siyang tanda na mga salitang paliwanag na ito ni Juan.

Malimit ito sa ebanghelyo ni Juan kung saan nagpapaliwanag siya ng mga sinabi ni Hesus. Hindi naman nababawasan ang awtoridad nito na hindi na si Hesus ang nagsasalita kundi si Juan. Mas tuwiran na nga sapagkat hindi na ito para kay Nicodemo lamang kundi ipinangkalahatan na ni Juan. . . para sa buong mundo. Napakaganda ng mga pananalitang ito na hindi lang para sa kausap ni Hesus kundi para sa lahat. . . Para sa iyo. Ang sinasabi ditong *gayon na lamang ang pag-ibig ng Dios*, ukol ito sa iyo. . . Ukol ito sa makasalanan. . . Para ito sa sanlibutan.

---

*Makikita natin na ang sanlibutan ay karugtong sa kasalanan hindi sa karamihan. Huwag nating isipin na sinasabi dito na napakarami nang inibig ng Dios. Ang talagang sinasabi dito ay makasalanan ang minahal ng Dios.*

**MENSAHE:** ***Masaganang biyaya ang katangian ng pag-ibig ng Dios tungo sa kaligtasan.***

Ang mga salita ni Juan na nagsasabing, "*gayon na lamang ang pag-ibig ng Dios*," ay nagpapahiwatig ng pagkamangha ng may-akda. Namamangha siya sa pag-ibig ng Dios. Kaya't maitatanong natin: ano ba ang kamangha-mangha sa pag-ibig ng Dios? Para sa marami, ganon lang naman talaga ang Dios. May pag-ibig ang Dios. Dito tayo nagkakamali kung iniisip natin na ang pag-ibig ng Dios ay pangkaraniwan lamang o nararapat lang. Ito ay pag-ibig na nakabatay sa Kanyang biyaya. Dalawang bagay ang nakamamangha sa pag-ibig ng Dios

1. Walang karapatan sa Dios ang makasalanan
2. Tiyak ang kaligtasan kay Kristo ng mananampalataya

## *I. Walang karapatan sa Dios ang makasalanan*

Ang napakahalagang salitang dapat unawain natin dito ay ang salitang *sanlibutan* o *mundo*. Karaniwang inuunawa ito na tumutukoy sa sangkatauhan na nananahan sa mundo. Kaya parang sinasabi nito na: lahat ng mga tao sa mundo ay iniibig ng Dios. At ang tinitimbang nila sa kadakilaan ng pag-ibig ng Dios ay sinasabing napakarami Niyang minahal: inibig Niya ang lahat. Napakarami niyang inibig, sumasaklaw sa sakop ng mundo. Ngunit sa gamit ni Juan ng salitang *sanlibutan* o *mundo*, hindi ito tumutukoy sa napakaraming tao ng mundo. Ang paggamit ni Juan ng salitang *sanlibutan* o *mundo* ay

tumutukoy sa makasalanang mundo. Halimbawa: ginamit ni Juan Bautista: 1:29, "*Narito ang Kordero ng Dios, na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan*!" Dito makikita natin na ang sanlibutan ay karugtong sa kasalanan hindi sa karamihan. Huwag nating isipin na sinasabi dito na napakarami nang inibig ng Dios. Ang talagang sinasabi dito ay makasalanan ang minahal ng Dios.

---

*Ang tunay nating kalagayan sa harap ng Dios na dapat nating tanggapin ay: tayo ay mga kriminal. Tayo ay mga makasalanan. Huwag nating ipilit na ang Dios ay umiibig sa lahat ng mga tao sapagkat tayong lahat ay Kanyang nilikha at karapatan natin na ibigin ng Dios bilang tao. Kailangan nating baligtarin ang ganitong kamalayan. Palitan natin ng pagtanggap na tayo bilang makasalanan ay mga walang karapatan.*

Punto: *Ang nakamamangha sa pag-ibig ng Dios ay ang biyaya nito sa makasalanang walang karapatan.*

Dito tayo mamangha sa pag-ibig ng Dios. Ang sinasabi ni Juan na pagkamangha niya na gayon na lamang ang pag-ibig ng Dios ay dahil ang Kanyang minahal ay mga walang karapatang makasalanan. Kung ang unawa sa *mundo* ay bilang sangkatauhan, parang sinasabi na napakarami ang kailangang mahalin ng Dios, at dito tinitimbang ang kadakilaan ng Kanyang pag-ibig sa napakarami Niyang inibig. Ngunit ang mas malalim na sinasabi nito ay ang Kanyang minahal ay mga masasama. . . mga makasalanan. . . mga walang karapatan. Kung ang salitang *sanlibutan/mundo* ay tumutukoy sa pagkamakasalanan, ang pag-ibig ng Dios ay umaabot, hindi sa napakarami, kundi sa napakasama! Kaya hindi sinasabing napakadakila ng pag-ibig ng Dios dahil inabot ang napakarami kundi ang lalim nito na umabot sa mga masasama. Ang sinasabi ay napakamabiyaya ng pag-ibig ng Dios dahil umabot ito sa napakasamang makasalanang mga tao. Upang talagang matimbang natin ang nakamamangha sa pag-ibig ng Dios, kailangan nating tingnan ang ating tunay na kalagayan sa harap ng Dios. Tayo ay makasalanan! . . Ikaw ay makasalanan! . . Ang isang ibig sabihin niyan ay wala tayong karapatan sa pag-ibig ng Dios.

Masakit itong pakinggan ng mga taong may mapagmatuwid na pagtatangi sa kanilang sarili . . . na mabuti sila. . . relihiyoso sila. . . malapit sila sa Dios. Iniisip nila, maililista ang marami nilang ginagawa na sukat na dahilan para sila'y tanggapin ng Dios. Diyan tayo nagkakamali. Ang tunay nating kalagayan sa harap ng Dios na dapat nating tanggapin ay: tayo ay mga kriminal. . . Tayo ay mga makasalanan. Huwag nating ipilit na ang Dios ay umiibig sa lahat ng

mga tao sapagkat tayong lahat ay Kanyang nilikha at karapatan natin na ibigin ng Dios bilang tao. Kailangan nating baligtarin ang ganitong kamalayan. Palitan natin ng pagtanggap na tayo bilang makasalanan ay mga walang karapatan.

Pinaghahanap na ngayon ang mga may pakana na mga miembro ng fraternity. At sila ay nagtatago. Bakit sila nagtatago? Sapagkat alam nilang tinutugis na sila ng batas. Ganyan ang kalagayan natin: may sala. . . Dapat parusahan ng batas. At ito ang isang bagay na dapat nating maunawaan upang mamangha tayo sa pag-ibig ng Dios.

HAMON: *Tanggapin mo ang kahulugan at ang bigat ng pagiging makasalanan sa harap ng Dios.*

Ang maging makasalanan ay hindi lamang pagiging hindi perpekto bilang tao. Mababaw na pag-amin yan. Sa lipunan, lahat ay hindi perpekto, subalit hindi lahat ay mga kriminal. Ang hinahatulan ng korte ay ang kriminal. At ang kalagayan natin bilang makasalanan ay mga kriminal na hinatulan ng korte ng Dios. Kung may batas sa lipunan na krimen kapag nilabag, mas lalo sa pamamahala ng Dios. Tayo ay sinintensyahan na ng hukuman ng Dios. May sala na ang ating sintensya. May nakalaan na na parusa na naghihintay lamang ng katuparan. At sana'y dumating ka sa punto na tatanggapin mong ganyan ang 'yong kalagayan.

Maaaring pinalaki ka sa pagtuturo na mabait ka. . . mabuti kang tao. . . Dapat lamang na tanggapin ka ng Dios. Tanggapin mo ang turo ng salita ng Dios na tayong lahat ay makasalanan. Ang sabi sa Roma 3:10, "*walang matuwid, wala kahit isa.*" Kasama ka diyan. Tayo bilang mga makasalanan ay nakalabag sa batas ng Dios at tayo ay hinatulan na ng Dios na maysala! Dumating ka na ba sa puntong tinanggap mo ang katotohanang yan? Ito ang kahulugan ng pagiging makasalanan. Hindi lang pagkakamali, kundi paglabag sa batas ng Dios sa isip, sa damdamin, sa pananalita at maging sa gawa. Lahat tayo ay nakalabag sa batas ng Dios kaya't lahat tayo ay nasa kalagayang may sala. Ang bigat nito ay nakabatay sa kabanalan at katarungan ng Dios. Ang banal na Dios ay hindi nakikipagkompromiso sa kasalanan.

Marami kang itinuturing na mabigat na suliranin sa iyong buhay, ngunit ito ang pinakamabigat. Ang pinakamabigat na suliranin na marahil hindi mo pa nasukat: ang pagiging makasalanan sa harap ng Dios. Dito mo ngayon kamanghaan ang pag-ibig ng Dios. . . na ang inibig ng Dios ay hindi lamang ang Kanyang nilikha. . . Ang iniibig ng Dios ay ang Kanyang nilikha na lumabag sa Kanyang batas. . . May sala. . . Walang karapatan. . . Nararapat parusahan. . . Ngunit, inibig ng Dios. Dito ka mamangha: sa Kanyang pag-ibig. Siya na banal at makatarungan. . . na humatol sa'yo na makasalanan at hindi nakikipagkompromiso sa kasalanan, . . . inibig Nya ang makasalanan! Ito ang ibig sabihin ni Juan na namamangha siya na gayon na lamang ang pag-ibig ng Dios sa makasalanang mundo. Ang Kanyang minahal na mundo ay

makasalanang mundo na walang karapatan sa pag-ibig ng Dios. Ikaw ay taong walang karapatan sa Dios, ngunit Kanyang inibig.

Ang kantang *Amazing Grace* ay likha ni John Newton. At bago naging manananampalataya Si John Newton, sya ay isang mangangalakal. Ang mga kinakalakal niya ay hindi mga produkto, kundi mga tao. Isa sya sa mga naging sanhi ng slavery o pang-aalipin. Pumupunta sila sa Africa upang pwersahin ang mga tao roon, kidnapin at ipagbili sa Europa at Amerika. Kumikita sila sa pang-aalipin ng mga tao. Ngunit nasumbatan si Newton ng kanyang kasalanan at, sa biyaya ng Dios, inabot ng ebanghelyo at naligtas. At isa si John Newton na nagsikap nang buong sigasig na matanggal ang slave trade sa Inglatera. Ganyan mo tinggan ang iyong sarili ngayon. . . isang walang karapatan, ngunit inibig ng Dios. Ganyan natin dapat kamanghaan ang pag-ibig ng Dios. Isipin natin na tayo ay mga makasalanang walang karapatan.

---

*Ang tinutukoy ng sinasabing hindi ipinagkait ng Dios kundi ibinigay niya ang Kanyang Anak ay ang Kanyang kamatayan sa krus. Doon ibinigay ng Dios ang Kanyang Anak ng lubus-lubusan. Nang dahil sa kamatayan ni HesuKristo, masasagot na natin ang nararapat na hatol sa makasalanan na bunga ng suliranin nating pagka maysala sa harap ng batas ng Dios. Ang sinumang kay HesuKristo ay hindi na mahahatulan.*

### *II. Tiyak ang kaligtasan ng mananampalataya kay Kristo*

Idinugtong ang pag-ibig ng Dios sa ginawa Niya: "*ibinigay Niya ang Kanyang tanging Anak*." Kung gusto mong malaman ang pag-ibig ng Dios, tingnan mo sa pinakamainam Niyang ginawa. Ang pagbigay Niya ng Kanyang tanging Anak na si HesuKristo. Ang dahilan nito ay "*upang ang sinumang sa Kanya'y sumampalataya ay huwag mapahamak kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan.*" Mapapansin ninyo na parehong binanggit ang negatibong "*upang huwag mapahamak*" at positibong "*magkaroon ng buhay na walang hanggan.*" Parang sinasabi na *upang walang anumang duda*. Tinitiyak ang hindi na mangyayari at ang mangyayari kapag tayo'y sumampalataya na kay HesuKristo. Nakaukol sa nangyari sa kasaysayan kay HesuKristo ang pag-ibig ng Dios

Punto: *Lubos ang pagganap ni HesuKristo ng pagliligtas ng Dios na nilayon ng Kanyang pag-ibig.*

Ang sinabing ibinigay ng Dios ang Kanyang Anak ay pinakanatupad sa

kamatayan ni HesuKristo sa krus. Yan ang pagtuturo ni Pablo sa Roma 8:32, "*Siya na hindi ipinagkait ang Kanyang sariling Anak, kundi ibinigay dahil sa ating lahat.*" At idinugtong niya sa talatang 34, "*Sino ang hahatol? Si Kristo Hesus na namatay, Siyang muling binuhay mula sa mga patay.*" Kaya ang tinutukoy ng sinasabing hindi ipinagkait ng Dios kundi ibinigay niya ang Kanyang Anak ay ang Kanyang kamatayan sa krus. Doon ibinigay ng Dios ang Kanyang Anak ng lubus-lubusan. Nang dahil sa kamatayan ni HesuKristo, masasagot na natin ang nararapat na hatol sa makasalanan na bunga ng suliranin nating pagka maysala sa harap ng batas ng Dios. Ang sinumang kay HesuKristo ay hindi na mahahatulan.

Ngunit ang ibig ding sabihin nito, kung wala ka kay HesuKristo, yan pa rin ang dala-dala mo. May hatol ka! Habang ikaw ay nagpapasarap sa mundo, may hatol ka! Habang ikaw ay nagpapayaman, may hatol ka! Habang ikaw ay nakikipagkatuwaan sa iyong barkada, may hatol ka! Samantalang ang na kay HesuKristo ay wala nang hatol. Bakit? Sapagkat ang nangyari, sa krus, humalili si HesuKristo para sa mga makasalanang sasampalataya sa Kanya. At nang humalili Siya sa makasalanan, pinatunayan ng Dios na hindi siya nakikipagkompromiso sa kasalanan. Nang ibihis ng mahal Nyang Anak ang kasalanan ng kanyang hinalinhinan, Siya man ay hindi pinalampas ng Dios! Siya man ay pinarusahan. Ganon natin tingnan ang nangyari sa krus ni HesuKristo. Pinaparusahan Siya ng Dios. Hinahatulan Siya ng Dios. Pero hindi ito isang huwaran na para gayahin ng marami.

Ang *Cuaresma* ay nagtatapos sa tinatawag na mahal na araw kung kailan marami ang magpaparusa ng kanilang mga sariling katawan at magpapapako sa krus sa kanilang pag-aakalang mag-aalis ito ng kanilang kasalanan. Ito ay kabulagan. Ang ginawa ni HesuKristo ay natatanging para sa Kanya lamang sapagkat tinanggap Niya ang parusa at hatol ng Dios para sa makasalanan. At iyun lamang ang sagot natin sa hatol ng batas ng Dios. Kung wala ka kay HesuKristo, nananatiling mabigat na dalahin mo: ang hatol ng Dios.

Ito ang katiyakan na ibinibigay ng pangungusap sa ating teksto. "*Hindi na mapapahamak*." Ang naging bunga nito ay ang pagtitiyak ng kaligtasan sa sinumang sasampalataya sa Kanya. Ang katiyakan ay niliwanag. Hindi na mapapahamak! At sinabi din sa positibo: "*Magkakaroon ng buhay na walang hanggan.*" Ito ang masaganang kaloob ng pag-ibig ng Dios. Diyan tayo mamangha: na hindi na mapapahamak ang makasalanan na dapat hatulan kundi magkakaroon ng buhay na walang hanggan. Ngunit ito ay sa mga sasampalataya kay HesuKristo lamang. Kung mali ang iyong sasampalatayanan: simbahan, mabuting gawa, seremonya, ritwal – kung ito ang iyong sasampalatayanan, mapapahamak ka pa rin.

Ang hazing victim na si Marvin Reglos ay nagtiwala sa mga tinatawag niyang 'brod,' Pero siya ay pinahirapan hanggang mamatay. Nang ako ay umanib din sa isang *fraternity*, sa sarili kong *initiation*, piniringan ako at pinahawak sa balikat ng isang *upper classman*. Nang siya'y tumakbo, sumunod lang ako sa kanya. Nang tumakbo siya nang napakabilis, kailangang sumunod pa rin ako sa kanya. Nang siya ay natapilok, kasama ako sa pagkadapa. Ganyan

ang mangyayari sa mga taong magtitiwala sa iniisip nilang magliligtas sa kanila. Madudupilas ka lang sa kapahamakan. Ang tanging masasampalatayanan mo na may tiyak na kaligtasan ay si HesuKristo lamang at ang Kanyang ginawa. Hindi ang mga santo. . . Hindi ang mga santa. . . ni si Mama Mary man. . . Si HesuKristo lamang!

---

*Ano man ang kalagayan ng iyong bulsa, o pitaka, o banko, o pangangatawan, o kalusugan, tumingin ka sa krus ni Kristo. Ito ang nagsasabing patuloy ang pag-ibig ng Dios sa makasalanan. Huwag natin itong ibatay sa kaginhawaang panlabas. Huwag natin ibatay sa emosyon. Kung gusto mong maranasan nang tiyak ang pag-ibig ng Dios, tumingin ka kay HesuKristo sa pinakamainam Niyang ginawa. Ang pinakamatibay na kaloob ng pag-ibig ng Dios ay ang Kanyang Anak sa Kanyang ginanap na pagliligtas.*

HAMON: *Kay HesuKristo at sa Kanyang ginawang pagliligtas, danasin mo ang biyaya at pag-ibig ng Dios.*

Nabubunyag ang kababawan ng mga tao sa usapin ng pag-ibig ng Dios kapag may hinahanap na mas mababaw sa kaligtasan. Gusto nila ang pag-ibig ng Dios na sentimental o emosyonal, o idinudugtong nila sa materyal at panlabas na pagpapala; mga panlabas na kaginhawaan. Mas papaboran mo ba ang materyal at panlabas na ginhawa kaysa sa walang hanggang buhay na kaligtasan? Mas inibig ng Dios ang makasalanan nang higit kaysa pagbibigay lang ng materyal na kaginhawaan. Gayon na lang ang Kanyang pag-ibig na ibinigay Niya ang Kanyang tanging Anak upang ang resulta ay kaligtasang walang hanggan. Yan ang iniaalok sa iyo. Ngayon, ang makasalanan na nasa ilalim ng hatol ng Dios ay makakalaya sa hatol, at maliligtas. Iniaalok ito sa iyo. Ipinagpalit ng marami ang sariling karanasan para katibayan ng pag-ibig ng Dios. Ipagpapalit mo ba ang iyong sariling karanasan sa ginawa ng Dios na naganap na sa kasaysayan para sa katibayan ng pag-ibig ng Dios? Napakababaw niyan!

Nalulungkot ako kapag naririnig ko ang mga nagpapatotoo na magsasabing, "*May ganito akong kailangan, pagkatapos ibinigay ng Dios. Talagang mahal ako ng Dios.*" Parang sinasabi nila na sa naranasan nila, iyon ang katibayan ng pagmamahal ng Dios. "*May kailangan akong pera at nabigyan ako ng aking kailangan.*" Sinasabi nilang ito ang katibayan ng pag-ibig ng Dios. Sinusukat nyo ang pagmamahal ng Dios sa pera? Sa pagkain? Sa materyal? Sa kalusugan? Maling mali kayo! Ang katibayan ng pag-ibig ng Dios na sinasabi sa Roma 5: 8 ay ipinamalas sa isang ganap na makasalanan. Si Kristo ay namatay para sa atin. "*God demonstrates (present tense) His love towards us, in that*

*while we were yet sinners,*" at isinulat sa past tense, "*Christ died for us.*" Ang ibig sabihin para malaman mo ngayon na ikaw ay mahal ng Dios, tumingin ka sa nangyari na at hindi na magbabago. At ito ang nangyari sa krus ni Kristo. Yan ang magsasabi sayo araw-araw na mahal ka ng Dios, isang makasalanan.

Ano man ang kalagayan ng iyong bulsa, o pitaka, o banko, o pangangatawan, o kalusugan, tumingin ka sa krus ni Kristo. Ito ang nagsasabing patuloy ang pag-ibig ng Dios sa makasalanan. Huwag natin itong ibatay sa kaginhawaang panlabas. Huwag natin ibatay sa emosyon. Kung gusto mong maranasan nang tiyak ang pag-ibig ng Dios, tumingin ka kay HesuKristo sa pinakamainam Niyang ginawa. Ang pinakamatibay na kaloob ng pag-ibig ng Dios ay ang Kanyang Anak sa Kanyang ginanap na pagliligtas. Kaya't ang panawagan sa'yo ay lumapit ka kay HesuKristo. Tumawag ka sa Kanya. Naririnig ka Niya nasaan ka man.

Nasa panahon tayo na tinatawag na *Cuaresma*. Ang mga relihiyosong tao ay maraming ritwal mula pabasa hanggang penitensya. Napakagandang katotohanan na ang pag-ibig ng Dios ay nangyari na. Ibinigay na ang Kanyang Anak. Balikan mo ang Juan 3:16 sa pagpapalalim ng pang-unawa mo ng pag-ibig ng Dios na kay HesuKristo tungo sa kaligtasan.

Ang Reformer na si Martin Luther ay may tinukoy na pinakapinahahalagahan niyang isinulat sa napakarami niyang isinulat. Nang ako'y nag-aaral, nalaman ko na ang kumpleto niyang isinulat ay 56 volumes na makakapal na libro! Pero sinabi niya na, sa lahat niyang isinulat, ang pinakapinahahalagahan nya ay ang "*The Bondage of the Will*" ang pagkaalipin ng kalooban ng tao, sapagkat dito daw niya nakita na sa ating kasamaan ay inibig tayo ng Dios. Dito niya nakita ang kamangha-manghang pag-ibig ng Dios. Karugtong ng pag-ibig ng Dios ay ang Kanyang biyaya sa makasalanan.

Danasin mo ang pag-ibig ng Dios na walang katulad sapagkat iginawad Niya ito sa makasalanang walang karapatan ngunit kung sasampalataya kay HesuKristo ay hindi namapapahamak kundi magkakaroon ng buhay na walang hanggan.

---

*Nabubunyag ang kababawan ng mga tao sa usapin ng pag-ibig ng Dios kapag may hinahanap na mas mababaw sa kaligtasan. Gusto nila ang pag-ibig ng Dios na sentimental o emosyonal, o idinudugtong nila sa materyal at panlabas na pagpapala; mga panlabas na kaginhawaan. Mas papaboran mo ba ang materyal at panlabas na ginhawa kaysa sa walang hanggang buhay na kaligtasan? Mas inibig ng Dios ang makasalanan nang higit kaysa pagbibigay lang ng materyal na kaginhawaan. Gayon na lang ang Kanyang pag-ibig na ibinigay Niya ang Kanyang tanging Anak upang ang resulta ay kaligtasang walang hanggan. Yan ang iniaalok sa iyo.*

**MENSAHE NG EBANGHELYO**

***Ikaw mismo ay lumapit kay Kristo!***

**April 3, 2011**

Bilang mga Pilipino, tayo ay nakiisa bilang isang bayan sa pakikidalamhati sa mga naulila ng mga kababayan natin na nagawaran ng parusang kamatayan sa bansang Tsina. Talagang masasabi nating mahigpit ang pagpapatupad ng batas doon. Nakakalungkot nga lamang na muling napagbubuntunan na naman ng sisi ng mga kamag-anak at ng mga gustong sumakay sa isyu na ito ang pamahalaan na naman! Hindi raw ginawa ang lahat ng magagawa, at iba't iba pa ang mga paninisi.

Kung ako ang tatanungin, sumobra na nga sa prinsipyo ang ginawa ng pamahalaan para lamang makiusap sa Tsina. Nag-boycott ang ating pamahalaan sa awarding ng *nobel peace prize* na iginawad sa isang *chinese dissident* para lamang kunin ang loob ng Tsina. Pinadala ang ating *vice-president* para makiusap sa mga pinuno ng Tsina. Hindi yan gagawin ng anumang bansa. Hindi nila gagawin ang ganyang mga pakiusap. Hindi sila magboboycott ng isang napakahalagang seremonya. At sa kabila ng lahat na ginawa ng ating pamahalaan, ang nakuha lamang natin ay pag-antalang bahagya ng parusa. Ang parusang kamatayan ay iginawad pa rin. Ngunit ang simpleng dapat nating balikan dito ay ang ginawa ng mga nahatulan na pagpupuslit ng malaking timbang ng mga ipinagbabawal na gamot. Iyan ang puno't dulo ng lahat, at hindi ang kung anong hindi ginawa ng pamahalaan. Ang usapin dito ay ang krimen na ginawa. Sinasabi nila na ang isa doon ay biktima lamang. Maaaring totoo, maaaring hindi. Ngunit ang totoo pa rin, sa batas ng Tsina sila'y nakagawa ng krimen na dapat gawaran ng parusang kamatayan.

Ipinapakita lamang nito ang higpit ng batas kung talagang ito ay paiiralin. Ang batas na pinapairal ay bulag sa pagmamakaawa. At ganito rin natin mailalarawan ang batas ng Dios. Ang batas ng Dios ay may kinalaman sa hustisya; hindi sa kahabagan. Huwag nating paghaluin ang dalawa. Totoo na ang Dios ay may kahabagan. May ginawa Siya upang magligtas ayon sa Kanyang kahabagan. Ngunit huwag nating isipin na pinalalampas ng kahabagan ng Dios ang Kanyang hustisya. Sa halip, ang ginawa ng kahabagan ng Dios ay pamamaraang nabigyan ng kaukulang katuparan ang hustisya Niya, samantalang nakapagliligtas ng makasalanan.

Ito ang napakaganda sa mensahe ng ebanghelyo. Hindi masasabing pinalampas ang hustisya ng Dios, sa halip ang hustisya ng Dios na dapat pairalin ay nabigyang katuparan sa pamamaraan na ang Panginoon ay maaring mahabag sa makasalanan. Ito ay sa isang paraan lamang. Ito ay sa pamamagitan ng ating Panginoong HesuKristo nang Siya ay tumanggap ng parusa ng Dios sa paraan na ang Kanyang hustisya ay nabigyan ng katuparan. Ngunit sa paraan ding iyon, may batayan ang Dios na mahabag sa mga makasalanan. Kaya nga't ang paulit-ulit ninyong naririnig sa pulpitong ito ay may natatanging panagot sa hustisya ng batas ng Dios. At ito ay sa kaparaanan lamang ng ating Panginoong HesuKristo. Ito lamang ang tanging batayan at walang iba.

*Ito ang napakaganda sa mensahe ng ebanghelyo. Hindi masasabing pinalampas ang hustisya ng Dios, sa halip ang hustisya ng Dios na dapat pairalin ay nabigyang katuparan sa pamamaraan na ang Panginoon ay maaring mahabag sa makasalanan. Ito ay sa isang paraan lamang. Ito ay sa pamamagitan ng ating Panginoong HesuKristo nang Siya ay tumanggap ng parusa ng Dios sa paraan na ang Kanyang hustisya ay nabigyan ng katuparan. Ngunit sa paraan ding iyon, may batayan ang Dios na mahabag sa mga makasalanan.*

Kung tatanggapin natin ito, ang kasunod na katanungan ay "*Paano mapapasaatin ang ginawang kaligtasan ni HesuKristo*?" Ang sagot ng Bibliya riyan ay maliwanag rin: pagsampalataya, pagtanggap sa mensahe ng ating Panginoong HesuKristo. Pero alam ba ninyo na kung hindi mapipigil ng kaaway ang katotohanan na kay HesuKristo lamang ang kaligtasan, ang kasunod ay lilituhin nya kung paano natatanggap ang kaligtasan na kay HesuKristo lamang? Marinig man natin ang katotohanang kay HesuKristo lamang, diyan naman tayo unang lilituhin ng dyablo. Dadayain niya tayo na may ibang paraan. Ngunit kung sakali namang matanggap natin na kay HesuKristo lamang ang kaligtasan, ang kasunod niyang lilituhin sa isipan natin ay ang paraan para mapasaatin at matanggap natin ang kaligtasan ng ating Panginoong HesuKristo. Iyan ang kanyang pilit na lilituhin. Kaya nga't popular ngayon ang iba't ibang mga paraan ng panglilito sa atin kung paano matatanggap ang kaligtasan kay HesuKristo.

Sa maraming mga pangkat, ito ay isang pormula lamang ng pagdesisyon. Basta gumawa ka ng desisyon na may mga kataga kang sasambitin , inaakala nila na iyon na ang pagtanggap sa ating Panginoon. Sa iba naman, basta ipinapalagay lamang nila na kapag mayroon silang ugnayang kristiyano, ito na ang kanilang pagtanggap kay HesuKristo. Napakahalaga na hindi lamang natin kilalanin ang katotohanang kay HesuKristo lamang ang kaligtasan. Napakahalagang pakatiyakin na bukod sa alam natin ang katotohanang si Hesukristo lamang ang kaligtasan, ang tanong ay *"Ikaw ba mismo ay lumapit na kay Hesukristo?"*

**Teksto:**

**Juan 4: 39 – 42** = *At marami sa mga Samaritano sa lungsod na iyon ang sumampalataya sa Kanya dahil sa sinabi ng babae, na nagpatotoo, "Sinabi niya sa akin ang lahat ng mga bagay na aking ginawa." Kaya nang dumating sa kanya ang mga Samaritano, nakiusap sila sa kanya na manatili sa kanila; at siya'y nanatili roon ng dalawang araw. At marami pang sumampalataya sa kanya dahil sa kanyang salita. Sinabi nila sa babae, "Ngayo'y sumampalataya kami, hindi*

*dahil sa iyong sinabi, sapagkat kami mismo ay nakarinig at nalalaman naming ito nga ang Tagapagligtas ng sanlibutan.*

Pamilyar tayo sa mahabang pag-uusap dito sa pagitan ni Hesus at ng babaeng Samaritana. Ngunit sa kahulihan nito ay ito ang mababasa natin matapos na bumalik ang Samaritana sa kanyang bayan sa Samaria. Nakumbinsi niya at ngayon ang mga tao ay nakaugnayan mismo ng ating Panginoon.

Doon sa mahabang pagsasalaysay ni Juan sa pag-uusap ni Hesus at ng babaeng Samaritana, makikita natin ang napakamatitimbang na katotohanan na kanilang pinag-uusapan. Si Hesus ay nagsabi na mayroon Siyang tubig na kung iinumin ninoman, sya ay hindi na muling uuhawin. Ang tinutukoy Niya ay ang buhay na walang hanggan. Napag-usapan din nila ang tamang pagsamba na ayon sa kalooban ng Dios. Ngunit sa kahulihan nito ay makikita natin ang isang napakahalagang katotohanan na pinalitaw ni Juan. Ito ang pinakahuling pangungusap bago niya iniwan ang salaysay na ito: na *si Hesus ang Tagapagligtas ng sanlibutan.* Si Hesus ang Tagapagligtas ng mundo.

Napakahalagang katotohanan nito na nakalagay sa maagang panahon sa salaysay ni Juan sapagkat ito ay malalaman natin sa bandang gitna na ng Bagong Tipan. Si Hesus ay Tagapagligtas, hindi lamang ng mga Hudyo kundi ng lahat ng mga makasalanan sa buong mundo. Ngunit dito sa maagang salaysay ni Juan, nasabi na ito sa mga Samaritano. Nalaman nila na itong si Hesus ay Tagapagligtas ng mundo, at nalaman nila ito sa kanilang tuwirang pakikipag-ugnayan kay Hesus.

May dalawang yugto ang pagkarating ang mga Samaritano sa paniniwalang ito. Nag-umpisa sa nakabatay sa sinabi at patotoo ng Samaritana. Narinig nila at dahil sa narinig nila, nagkaroon sila ng paniniwala kay Hesus. Ngunit mula doon, nagkaroon sila ng tuwirang pakikipag-ugnayan sa ating Panginoon. Sa tuwirang pakikipag-ugnayan, doon nila nasabi na "*kami mismo. Hindi na dahil sa iyong sinabi kundi kami mismo narinig namin, nalaman namin na itong si Hesus ang Tagapagligtas.*" *K*aya sa pananampalataya sa Kanya bilang Tagapagligtas, dapat *ikaw mismo* ang siyang nakatalos. I*kaw mismo* ang siyang dapat na magpasya na tatanggapin mo ang mensahe. Lalapit ka kay HesuKristo bilang iyong Tagapagligtas.

**MENSAHE:** ***Ang hamon ng ebanghelyo ay ang tuwirang paglapit kay HesuKristo bilang Tagapaglitas***

Ang hamon ng ebanghelyo ay ang *tuwirang paglapit kay HesuKristo bilang Tagapagligtas.* Dapat nating makita na ang mensahe ng ebanghelyo ay ang tuwirang paglapit kay HesuKristo, ang hamon Niya sa bawat isang makasalanan. Sinadya ni Juan na, matapos ang kanyang salaysay sa yugtong ito na ang pangungusap ng mga taga-Samaria na nanampalataya ay sila mismo ay nakaalam. Sila mismo ay lumapit. Sinabi nila "*kami mismo ay nakarinig at kami mismo ay nakaalam na ito nga ang Tagapagligtas ng sanlibutan.*" Mahalaga dito ang tuwirang pakikipag-ugnayan kay HesuKristo. Dapat

dumating ka sa puntong ikaw mismo ay tumanggap at lumapit sa ating Panginoong HesuKristo. Tingnan natin ang dalawang yugto dito na nangyari.

1. Paniniwala kay HesuKristo dahil sa kapwa
2. Pagsampalataya nang tuwiran kay HesuKristo

---

*Kagaya ng mga taga-Samaria, malaki man ang naitulong ng babae upang magkaroon sila ng paunang paniniwala kay Hesus, hindi pa rin naging sapat. At ikaw man, ang mga natutuhan mo sa Bibliya ay mainam. Magandang pagpapala ito kung ihahambing ito sa mga walang anumang nalaman sa Bibliya mula sa pagkabata. Napakahalagang iyong kilalaning pagpapala mula sa Dios na ikaw ay pinalaki sa kwento ng Bibliya. Pinalaki ka sa pagtuturo ng Salita ng Dios. Napakalaking bagay iyan! Subalit kung iyan lang ang nasa iyo, hindi yan sapat.*

### I. Paniniwala kay HesuKristo dahil sa kapwa

May paniniwala kay HesuKristo na nangyari dito sa mga Samaritano na dahil sa patotoo ng babaeng Samaritana, dahil sa kanilang kapwa taga-Samaria. Ang kapwa dito ay ang babaeng Samaritana. Siya ang unang nakarinig. At siya ang nagpatotoo sa kanyang mga kababayan at kinasangkapan ang kanyang patotoo. Nagkaroon ng mga unang hakbang ang mga taga-Samaria sa kanilang paniniwala kay HesuKristo dahil sa kanyang sinabi. At tayo man ay may iba-ibang kapwa na maaring kasangkapanin sa unang hakbangng paglapit natin kay HesuKristo. Maaring magulang, maaring kaibigan, kakilala, mahal sa buhay, kapatid, pastor, o iba pang mga kapwa tao ang gagamitin at kakasangkapanin upang magkaroon tayo ng unang paniniwala kay HesuKristo.

Punto: *Mainam, ngunit hindi sapat, ang paniniwala kay HesuKristo na batay lamang sa patotoo ng ibang tao*

Unang narinig ng mga taga-Samaria ang tungkol kay Hesus mula sa babaeng nakausap ni Hesus. Marami silang napag-usapang mahalagang mga katotohanan, mula sa tubig na kapag ininom ay hindi na mauuhaw, at pagsambang nararapat at tinatanggap ng Dios. At tuwirang sinabi ni Hesus sa babaeng Samaritana na ang pahayag ng Dios ay sa mga Hudyo, hindi sa mga taga-Samaria. Pinipilit nila na ang pagsamba ay doon sa bundok ng Gerizim, ngunit sinabi ni Hesus nang maliwanag na ang totoong pagsamba ay doon sa Jerusalem. At sinabi rin Niya bilang pagbigay pag-asa na dadating ang panahon at ngayon nga'y nangyayari na, na ang tunay na pagsamba ay hindi na sa isang lugar ~ sa Jerusalem man o sa Gerizim. Sinabi Niya na ito ay sa

pamamagitan ng Espiritu at ng katotohanan. Napakamatimbang na katotohanan ang mga binanggit ni Hesus dito sa Samaritana

Ngunit sa patotoo nitong Samaritana, maliwanag na ang pinakanaging malakas ang dating sa kanya ay kung paanong alam ni Hesus ang kanyang personal na buhay. Sinabi nya sa kanyang patotoo sa kanyang mga kababayan, *"Sinabi niya sa akin ang lahat ng mga bagay na aking ginawa."* Samakatuwid, ito ang malakas ang dating sa kanya. Hindi niya ibinahagi na sinabi ni Hesus ang tubig na tungkol sa buhay na walang hanggan. Hindi niya binanggit ang tungkol sa pinag-usapan nilang tungkol sa tamang pagsamba. Ang binanggit niya sa kanyang mga kababayan ay "*alam Niya ang aking personal na buhay*." Samakatuwid, ang naging malakas ang dating dito sa Samaritana ay ang mahimalang nalaman ni Hesus. At ito ang kanyang ibinahagi. At maaring may tinanggap siyang katotohanan tungkol kay Hesus sapagkat isa sa kanyang mga sinabi ay, "*maaring ito na ang Kristo.*" Ang kanyang paniniwala na maaring Siya na ang Kristo ay dahil sa Kanyang mahimalang kaalaman, at ito ang kanyang naibahagi. Masasabi natin na maaring may naibahagi siyang kinasangkapan ng Dios na maging unang hakbang ng mga taga-Samaria para may paniwalaan sila tungkol kay Hesus, ngunit maliwanag na din sapat. Hindi sapat ang naibahagi ng Samaritana. Hindi sapat ang naging paniniwala ng mga taga-Samaria.

Iyan ay maaring mangyari sa atin. Maaring sa pamamagitan ng iyong mga magulang o sa pagdalo mo ng simbahan, may nalaman kang mga kwento ng Bibliya. May nalalaman ka sa mga katotohanan ng pagtuturo tungkol sa Bibliya. Iyan ay malaking bagay! Isang pagpapala iyan. Ngunit kagaya ng mga taga-Samaria, malaki man ang naitulong ng babae upang magkaroon sila ng paunang paniniwala kay Hesus, hindi pa rin naging sapat. At ikaw man, ang mga natutuhan mo sa Bibliya ay mainam. Magandang pagpapala ito kung ihahambing ito sa mga walang anumang nalaman sa Bibliya mula sa pagkabata. Napakahalagang iyong kilalaning pagpapala mula sa Dios na ikaw ay pinalaki sa kwento ng Bibliya. Pinalaki ka sa pagtuturo ng Salita ng Dios. Napakalaking bagay iyan! Subalit kung iyan lang ang nasa iyo, hindi yan sapat. Kung ang paniniwala mo kay Hesus ay dahil lang sa narinig mo sa simbahan. . . dahil sa narinig mo sa iyong mga magulang. . . dahil sa natututunan mo sa *Sunday School*. Ang lahat ng yan ay mainam, subalit hindi sapat. Kung ang ugnayan mo kay HesuKristo ay nakabatay sa iba, hindi ito pagsampalataya sa Kanya!

Sa korte ay may tinatawag na *hearsay.* Ang *hearsay* ay anumang narinig na sinabi ng iba. Kung ang testimonya ng saksi sa *witness stand* ay "*narinig ko po na sinabi niya, na kanyang nakita ang krimen,*" pababababain siya ng hukom. Hindi tinatanggap ang ganyang testimonya na narinig lang na sinabi ng iba. Kinakailangang ang sasabihin mong testimonya ay "*nakita ko o narinig ko ang talagang kriminal*!" Hindi pwede ang "*narinig ko ang sinabi niyang ganito.*" Kung ganyan sa korte, huwag mong isipin na ang paniniwalang batay lamang sa sinabi ng iba, at narinig mo lang sa iba, ay katanggap-tanggap na pananampalataya. Hindi sapat!

HAMON: *Kinakasangkapan ang patotoo ng kristiyano para sa panimulang pagkakilala kay HesuKristo.*

Mabuti't hindi nanahimik ang Samaritana. Kung tutuusin ay medyo personal ang nabunyag sa kanya, at maaring nanahimik na lang siya kung siya ay napahiya sa sinabi ni Hesus. Ngunit ginamit niya ito upang ihayag ang isang dakilang bagay kay HesusKristo, "*nalalaman niya ang lahat tungkol sa akin.*" Iyon ang kanyang patotoo at naging dahilan upang ang mga taga Samaria ay humiling kay Hesus na Siya ay tumigil muna sa kanilang bayan. Iyon nga ang nangyari. Dalawang araw na namalagi si Hesus sa lungsod ng Samaria. Ngunit ang dalawang araw na iyon ay sapat na upang gamitin na magkaroon ng tuwirang pakikipag-ugnayan kay HesuKristo. Ngunit, huwag nating kalimutang nag-umpisa ito sa patotoo ng Samaritana. Iyon ang gamit ng patotoo ng mga mananampalataya.

Hindi natin mamaliitin ang pagpapatotoo ng sinuman. Kinasangkapan ito nang maliwanag. At ganito pa rin iniaayos ng Dios: na ang patotoo ng ebanghelyo ay unang nakikita sa mga umaangkin nito. Una itong makikita ng anak sa kanyang mga magulang na kristiyano. Una itong makikita ng magulang sa kristiyanong anak bago pa niya ito marinig nang tuwiran. Bago pa niya makaugnayan si HesuKristo nang tuwiran, iniayos ng Dios na unang makikita ang ebanghelyo sa buhay ng mga umaangkin nito. Kaya kung ikaw ang umaangkin nito, ang tanong sa iyo ay, "*nakikita at naririnig ba sa iyo ang patotoo ng ebanghelyo*?"

Kung magpapabaya tayo at sasabihin natin na, "*ito'y usapin sa pagitan ko at ng aking Dios att wala kayong kinalaman diyan,*" nagkakamali tayo. Ang uri ng buhay natin at ang uri ng patotoo natin ay may timbang sa kung paano tatanggapin ng iba ang ebanghelyo. Pakinggan ninyo ang sinabi ni Pablo sa Filipos 2:14-15, "*Gawin ninyo ang lahat ng mga bagay na walang pabulong-bulong at pagtatalo, upang kayo'y maging walang sala at walang malay, mga anak ng Diyos na walang dungis sa gitna ng isang salinlahing liko at masama, at sa gitna nila'y lumiliwanag kayong tulad ng mga ilaw sa sanlibutan.*"

Paano tayo magiging maliwanag na mga ilaw sa mundo sa ating ugali? Ang sinabi dito ni Pablo, kung ikaw ay pabulong- bulong at nagsasalita nang masama, lagi na lang nakikipagtatalo, pano ka naiiba sa mga hindi anak ng Dios? Dapat mayroon kaibahan ang iyong ugali. Ang kaibahan ng iyong buhay ay may timbang sa ebanghelyo na iyong inaangkin. Bago nila ito marinig, una nilang makikita ito sa umaangkin nito. Kaya itanong mo: "*sino ang pinakamalalapit na di-mananampalataya sa iyo? Nakikita ba nya sa iyong buhay ang magiging unang hakbang para hilingin niya kay Hesus, gaya ng hiniling ng mga taga-Samaria, na* "*manatili Ka rito*"*?* Gusto nilang marinig Siyang tuwiran. Gugustuhin ba ng mga taong marinig nng tuwiran ang ebanghelyo dahil sa iyong patotoo? O baka nananahimik ka at hindi nagpapatotoo?

Ang isa sa mga dakilang tao sa Amerika na itinuturing na isa sa mga *founders,* tagapagtatag ng America, ay si Benjamin Franklin. Marami siyang mga *achievements* sa politika at sa siyensiya. Alam n'yo bang si Benjamin Franklin ay naging napakamalapit na kaibigan ng dakilang mangangaral na si George Whitefield? Naging matalik silang magkaibigan. Iginalang at hinangaan ni Franklin itong si George Whitefield subalit si Franklin kailanman ay hindi naging mananampalataya. Naging napakamalapit sa isang nagdadala ng ebanghelyo ngunit hindi tumanggap ng ebanghelyo. Maaari kang ganyan. Naging napakalapit ka sa isang taong may ebanghelyo ngunit hindi sapat iyon. Kaya kayong mga anak ng kristiyano. . . mga magulang ng isang kristiyano. . . kapatid. . . mahal sa buhay ang isang kristiyano ~ huwag nyong isipin na dahil doon, kayo ay na kay Kristo din. Hindi. Mainam man yan subalit hindi yan sapat.

*Si Hesus ang Tagapamagitan sa pagitan ng Dios at ng mga tao. Iyan ang sabi ng Bibliya, ngunit walang tagapamagitan sa pagitan ni Hesus at ng mga tao. Hindi ang simbahan. . . hindi ang pari. . . hindi ang pastor. . . hindi si Mama Mary. Walang tagapamagitan sa pagitan ni Hesus at ng makasalanan. Ikaw mismo ang dapat na personal na lumapit kay HesuKristo! Nariyan Siya para ikaw mismo ay lumapit sa Kanya. Huwag mong ipalagay na batay sa ibang tao, ikaw ay may kaugnayan kay HesuKristo.*

### *II. Pagsampalataya nang tuwiran kay HesuKristo*

Ito ang kailangan. . . ito ang hinihingi. . . at ito ang hamon ng ebanghelyo: pagsampalataya nang tuwiran kay HesuKristo. Nang tumigil Siya sa Samaria, sinasinabi dito, "*marami ang sumampalataya sa kanya dahil sa kanyang salita.*" Nakikita ninyo ang dalawang yugto dito. Ang una, naniwala kay Hesus dahil sa sinabi ng Samaritana. Ngunit iniiba ngayon ni Juan itong pangkat na nanampalataya kay Hesus dahil sa salita Nya mismo. At ito ang kailangan natin. Ang sinabi nila sa babae: "*Ngayon ay sumasampalataya kami, hindi dahil sa iyong sinabi, sapagkat kami mismo. . .*" May nagsasabi "*ako mismo ay nakarinig at nalaman kong ito nga ang Tagapagligtas ng mundo.*" Ang batayan ng kanyang pananampalataya ay ang narinig nya mismo. Siya mismo ang nahikayat, at siya mismo ang lumapit kay HesuKristo. At iyan ang tanggapin nating katotohanan.

*Ito ang nakakalungkot at nakapangingilabot isipin kung minsan. May mga nahuhulog at nabubulid sa kapahamakan gayong buong buhay nila, kaugnayan nila ang mga may dala ng ebanghelyo. Maaaring buong buhay nila, dumadalo sila sa simbahan. Narinig nila nang paulit-ulit ang ebanghelyo, ngunit ipinalagay nila na sapat na iyon! Hindi sila mismong lumapit kay HesuKristo. Kaya, ngayon ipinamamanhik kong ikaw mismo ay lumapit.*

Punto: *Ang pagiging Tagapagligtas ni HesuKristo ay dapat tuwirang sampalatayanan ng bawat isang makasalanan*

Ikaw mismo! Huwag mong isipin ang mga katabi mo at ang mga kapatid mo o magulang,at anak. Ikaw mismo at si HesuKristo ang isipin mo ngayon. Mula sa kagila-gilalas na ginawa ni Hesus sa babaeng Samaritana, may higit siyang mensaheng nalaman ng mga taga-Samaria. . . hindi lamang na dakila pala siyang tagahimala. . . hindi lamang na may nalalaman Siyang personal. Ang punto sa kanila ng katotohanan ay ang huling pangungusap ng salaysay na ito na Siya ang Tagapagligtas ng mundo. Dumating ka na ba sa punto na tinanggap mo nang personal at isahan, na si HesuKristo ang Tagapagligtas? Ang Tagapagligtas mo? Kung hindi ka darating sa ganong katotohanan, walang saysay ang ikaw ay nakikiisa sa isang simbahan na nangangaral nito. Walang saysay ang ikaw ay may relasyon sa mga taong may angking ebanghelyo. Kinakailangan na ikaw mismo ay lumapit kay HesuKristo. Ito ang tungkol kay HesuKristo na dapat ay personal, isahan at tuwiran. Hindi maaari na may tagapamagitan.

Si Hesus ang Tagapamagitan sa pagitan ng Dios at ng mga tao. Iyan ang sabi ng Bibliya, ngunit walang tagapamagitan sa pagitan ni Hesus at ng mga tao. Hindi ang simbahan. . . hindi ang pari. . . hindi ang pastor. . . hindi si Mama Mary. Walang tagapamagitan sa pagitan ni Hesus at ng makasalanan. Ikaw mismo ang dapat na personal na lumapit kay HesuKristo! Nariyan Siya para ikaw mismo ay lumapit sa Kanya. Huwag mong ipalagay na batay sa ibang tao, ikaw ay may kaugnayan kay HesuKristo.

Kapag tayo ay sumasangguni ng doktor, pwede tayong gumamit ng ibang tao kapag kailangan lang nating malaman ang opinyon ng doktor. Pero kapag operasyon na, hindi pwede ang iba. Hindi pwede ang nanay mo, o ang kapatid mo. Katawan mo na iyon kaya kinakailangang ikaw mismo ang naroon. Ganon ang kaligtasan. Sa mga paniniwala kay HesuKristo, maari ka pang bumatay sa sinasabi ng iba. Maaari kang makinig sa pastor, o sa mga kasama sa simbahan. Ngunit pagdating sa kaligtasan, hindi maaring sa pamamagitan ng iba. Kinakailangang ikaw lang at si Kristo. At iyan ang tanong ko sayo, "*nangyari na ba iyan, ikaw at si Kristo*?"

HAMON: *Harapin mo nang isahan si HesuKristo bilang Tagapagligtas sa Salitang Nya iniwan sa ebanghelyo.*

Iyan ang patotoo ng mga taga-Samaria. Sinabi nilang "*sumampalataya kami dahil sa Kanyang salita*." At ganyan din ang hamon sa iyo! Baka iniisip mo na ngayon ay wala na si Hesus. Wala ng matatawag natin na tumigil sa ating bahay ngunit pareho pa rin ang sinasabi rito. Naniwala at sumampalataya sila nang dahil sa Kanyang salita. At ang salita ni Hesus ay nasa atin pa. Ito'y nakasulat na ngunit ito pa rin ang salita ni HesuKristo. Tumutugon pa rin tayo kay HesuKristo sa pamamagitan ng Kanyang salita. Iyan ang sabi ng bibliya sa Roma 10:17, "*Kaya ang pananampalataya ay nanggaling sa pakikinig, at ang pakikinig ay sa pamamagitan ng salita ni Kristo*." Paano ka sumasampalataya? Hindi sa pagpapakita sa iyo ng pangitain ni Hesus. . . hindi sa isang panaginip. . . ni sa isang boses na marinig mo galing sa kung saan. Paano ka sasampalataya kay HesuKristo? Kung naririnig mo ang Kanyang salita o nababasa, at ikaw ay tutugon, tumugon ka kay Kristo mismo.

Kaya iyan ang hamon sa iyo ngayon. Naririnig mo ngayon ang Kanyang salita at ang pakikipag-ugnayan sa Kanya ay bilang tugon sa Kanyang salita. Kung pinagpipilitan mong "*mayroon naman akong magulang na mananampalataya. . . mayroon naman akong kapatid. . . mayroon naman akong anak na kristiyano. Sapat na iyon.* " Hindi iyon sapat! Ikaw mismo ay dapat lumapit kay HesuKristo. Kung hanggang ngayon ay may namamagitan sa iyong pakikipag-ugnayan kay HesuKristo, hindi sapat ito! Gaano mo man iginagalang at pinaparangalan ang namamagitan sa iyo at kay HesuKristo, hindi sapat ito! Kinakailangang ikaw mismo ang makipag-ugnayan Kay HesuKristo.

Ito ang nakakalungkot at nakapangingilabot isipin kung minsan. May mga nahuhulog at nabubulid sa kapahamakan gayong buong buhay nila, kaugnayan nila ang mga may dala ng ebanghelyo. Maaaring buong buhay nila, dumadalo sila sa simbahan. Narinig nila nang paulit-ulit ang ebanghelyo, ngunit ipinalagay nila na sapat na iyon! Hindi sila mismong lumapit kay HesuKristo. Kaya, ngayon ipinamamanhik kong ikaw mismo ay lumapit. Huwag mo munang isipin ang iyong kasama, kapatid, kaibigan, o magulang. Ikaw muna ang isipin mo. Ikaw lang at si HesuKristo.

Napakalaking panghihinayang kung naging napakapalad mo sa pagkakaroon mo ng mga nagpapatotoo ng ebanghelyo sa iyong paligid ngunit sa kahulihan, ikaw mismo ay mapapahamak sapagkat hindi ka nakipagharapan sa Tagapagligtas! Pamanhik ko sa iyong lumapit ka kay HesuKristo. Aalis ako pagkatapos ng linggong ito, at may intensiyong bumalik. Ngunit sino bang nakakaalam ng probidensya ng Dios? At kung sakaling ito ang huling gamitin ng Dios na pamanhik sa iyo, pinapakiusap ko sa iyong isipin mo ang iyong kalagayan sa harap ni HesuKristo. Isipin mong sa pulpitong ito, paulit-ulit nang ibinabahagi sa iyo ang ebanghelyo huwag ka lang umalis sa iglesiang ito at sa gusaling ito na nag-iisip na "*hindi ko alam ang ebanghelyo*." Paulit-ulit

na itong ibinahagi sa iyo. Hindi ko nais na ikaw ay umalis, anumang Linggo, na hindi mo nalalamang may Tagapagligtas na naghihintay na ikaw ay lumapit. Muli ipinamamanhik ko sa iyo na lumapit ka kay HesuKristo. At huwag mong pabayaan at huwag mong ipagpalagay na dahil meron kang mga kakilala dito, iyan ay sapat na. Hindi sapat iyan! Ikaw mismo ay lumapit kay HesuKristo. At kahit gaano ka namin kamahal, kung hindi ka lalapit kay HesuKristo, darating ang oras na magkakahiwalay tayo nang walang hanggan. Kinakailangang ikaw ay lumapit kay HesuKristo sapagkat kung wala kang ugnayan kay HesuKristo, ikaw ay mapapahamak, anuman ang naging kaugnayan mo sa mga mananampalataya.

Malimit kong ibahagi sa inyo ang nanay ni Augustine na si Monica. Hindi siya nanahimik, at paulit ulit niyang ibinahagi ang ebanghelyo. Bagamat si Augustine ay naging rebeldeng anak, sa probindensya ng Dios, dinala siya ng Panginoon sa Roma kung saan nakaugnay niya ang isang mangangaral na si Ambrose. Doon siya nagkaroon ng pananampalataya. Kinasangkapan ang unang hakbang sa paniniwala ni Augustine, ngunit hindi sapat iyon! Hanggang sa harap ng pangangaral ng Ebanghelyo, siya mismo *ang* lumapit kay HesuKristo.

Ngayon, ang pamanhik ko sa iyo ay huwag kang magpalagay sa isang relasyon. Huwag kang magpalagay na may nagsabi sayo. Huwag kang magpalagay na mayroon kang simbahan. Ang pamanhik ko sa iyo, ikaw at si HesuKristo lamang. Walang iba.

Masabi sana nating lahat, *Hindi lamang dahil sa namagitan sa akin, kundi . . . ako mismo*!

*Muli ipinamamanhik ko sa iyo na lumapit ka kay HesuKristo. At huwag mong pabayaan at huwag mong ipagpalagay na dahil meron kang mga kakilala dito, iyan ay sapat na. Hindi sapat iyan! Ikaw mismo ay lumapit kay HesuKristo. At kahit gaano ka namin kamahal, kung hindi ka lalapit kay HesuKristo, darating ang oras na magkakahiwalay tayo nang walang hanggan. Kinakailangang ikaw ay lumapit kay HesuKristo sapagkat kung wala kang ugnayan kay HesuKristo, ikaw ay mapapahamak, anuman ang naging kaugnayan mo sa mga mananampalataya.*

## EVANGELISTIC MESSAGE
### *"Napakaraming tao na di-mabilang"*

**March 25, 2012**

May bago na namang pakulo ang mga militanteng grupo sa mga rallies na tinatawag nilang, *Noynoying.* Iniaarte ang pagiging tamad daw ng Pangulo, at ang kanyang pagiging kampante na walang ginagawa sa maraming usaping panlipunan. Sino man tiyak ang manungkulan bilang pangulo ay laging mapagbibintangan ng ilang sektor ng lipunan na hindi ginagawa ang dapat niyang gawain dahil sa may mga nag-uumpugang interes sa lipunan. Apag tutugunan niya ang isang interes, magrereklamo ang kasalungat na interes. Halimbawa tutungunan niya ang gusto ng mga negosyante at mararamdaman ng mga manggagawa na sila naman ay tinatapakan. Ngunit ang mahalagang katanungan ay paano kung may ginawa? Ano ang ginagawa ng ginawan ng mabuti ng nasa panunungkulan? Alam ba ninyo na ganitong ganito ang ating kalagayan bilang mga nilalang ng Dios?

Mga makasalanan, may ginawang napakaganda at napakamapagbiyaya ang ating Dios tungo sa kaligtasan. Ang isang mahalagang tanong: *Ano ang tugon natin sa ginawa ng Dios*? Hindi kagaya sa isang pangulo, hindi natin mapagbibintangan ang Dios na walang ginawa. Siya ay may ginawa alang-alang sa ating ikabubuti, sa ating kaligtasan. Ang mahalagang tanong ay *Ano ang tugon natin sa ginawa ng Dios*? Ito ay tumutukoy sa ating mga pananagutan, mga responsibilidad lalo na pagdating sa usapin ng ating kalagayan bilang mga makasalanan. Mayroong paanyaya ang biyaya ng Dios, *Ano ang tugon natin sa paanyaya ng biyaya ng Dios*? May mga nag-iisip na ang biyaya ng Dios ng kaligtasan ay para lamang sa iilan at maaaring iniisip nila, "*Hindi na ako aabutin niyan*." Ang ganyang pag-aakala ang gusto kong iwasto sa atin ng ating mensahe ng ebanghelyo ngayong umaga.

**Teksto:**

**Pahayag 7:9 – 12** = *Pagkatapos ng mga bagay na ito, tumigin ako at naroon ang napakaraming tao na di mabilang ng sinuman mula sa bawat bansa, lahat ng mga lipi, ng mga bayan, mga wika na nakatayo sa harapan ng mga trono at sa harapan ng kordero na nakasuot ng mapuputing damit at may mga sanga ng palma sa kanilang mga kamay. At nagsisigawan ng may mga malalakas na tinig na nagsasabi ang pagliligtas ay sa aming Diyos na nakaupo sa trono at sa kordero at ang lahat ng mga anghel ay tumayo sa palibot ng mga trono at ng matatanda at ng apat na nilalang na buhay at sila'y nagpatirapa sa harapan ng trono at sumamba sa Diyos at nagsasabing Amen. Ang pagpapala, kaluwalhatian, karunungan, pagpapasalamat, karangalan, kapangyarihan at kalakasan ay sa aming Diyos magpakailan pa man.*

> *Hindi ibig sabihin na ang 144,000 lamang ang tatatakan at maliligtas. Tumutukoy ito sa katotohanang sa plano ng Dios, walang mapapalampasan. Eksakto ang Kanyang mga ililigtas, at wala Siyang malilimutan. Bawat isa na Kanyang hinirang ay aabutin ng Kanyang biyaya. Walang labis, walang kulang. Yan ang sinasabi ng eksaktong bilang.*

Ang laman ng Pahayag ay sunod-sunod na mga napakagandang pangitain ni Juan nang siya ay ipatapon sa Patmos. Ang mga pangitain na ito ay naglalahad ng mga prinsipyo ng pagsulong ng kaharian ni HesuKristo sa buong mundo. Ang kaharian ni HesuKristo, bagamat hindi kinikilala ng marami, ay naririto na. At ito ay sumusulong. Ito ay lumalaganap sa mundo. At dito sa aklat ng Pahayag, sa pamamagitan ng mga pangitain, itinuturo kung paano ang kaharian ni HesuKristo ay sumusulong dito sa buong mundo kahit pa sa gitna ng mga pahirap at ng mga pasakit na nararanasan ng iglesia. Pinaghahalo sa mga pangitain ang pagsulong ng kaharian ngunit ito ay nangyayari sa gitna ng mga pahirap, pasakit. *Advancement of the Kingdom amidst tribulation.* Yan po ang tema ng *Book of Revelation*.

Sa ating teksto, nauna na ang pangitain ng pagtatatak ng mga anghel sa mga tao ng Dios. Ang mga tinatakan na ito ay kumakatawan sa mga iniligtas ng Dios. Ngunit mapapansin doon sa naunang pangitain na ito ay may eksaktong bilang na 144,000. Ngunit tandaan natin na ang mga bilang sa Pahayag ay karaniwang simboliko, mga *symbolic numbers* lang, mga simbolo at hindi mga totoong numero. Hindi ibig sabihin na ang 144,000 lamang ang tatatakan at maliligtas. Tumutukoy ito sa katotohanang sa plano ng Dios, walang mapapalampasan. Eksakto ang Kanyang mga ililigtas, at wala Siyang malilimutan. Bawat isa na Kanyang hinirang ay aabutin ng Kanyang biyaya. Walang labis, walang kulang. Yan ang sinasabi ng eksaktong bilang.

Ngunit sa ating teksto, inilagay sa pananaw ni Juan at sa pananaw daw ng sinuman na ang nakita ni Juan na nagbubunyi sa harapan ng trono ng Dios ay mga taong, sabi ni Juan, hindi mabibilang nino man. Ibig sabihin, napakarami. Maaaring sa mata ng Dios, sapagkat marunong Siya sa lahat, alam Niya ang eksakto para sa Kanya. Alam Niya ang mga ililigtas. Ngunit sa pananaw ng iba katulad ni Juan, at si Juan na apostol na kumakatawan sa iglesia, napakarami ang mga ililigtas ng Dios. At ang binanggit nga ni Juan dito ay lahat ng bansa, lipi at lahat ng mga wika ay kinakatawan doon. Ang mga ililigtas ng Dios na alam ng Dios kung sino, sa pananaw ng Iglesia, sa pananaw ng mga kristiyano, napakarami lang. Hindi mabilang. Kinakatawan ang lahat ng bahagi ng sangkatauhan, at iisa ang kanilang isinisigaw: "*Ang pagliligtas ay sa aming Dios na nakaupo sa trono, at sa Kordero*!" Ngunit salungat doon na eksakto sa naunang pangitain ng pagtatatak: *Napakaraming tao na di-mabilang*!

**MENSAHE:** ***Ang kaligtasan kay HesuKristo na alok ng Dios ay walang hanggahan.***

Bilang apostol, kinakatawan ni Juan sa kanyang kalagayan, ang Iglesia at ang misyon nito. Sa gitna ng mga pahirap na dinaranas ng Iglesia dito sa mundo, dapat itong maniwala na sumusulong ang misyon ng Eebanghelyo. Napakarami nang inaabot nito, hindi kakaunti. Dapat nating paniwalaan ang dami at ang kalakihan ng inaabot ng misyon ng ebanghelyo dito sa mundo. Napakagandang katotohanan ito para sa kristiyano. Para sa mga makasalanan, idinidiin nito na walang uri ng pagkatao, walang lugar, na hindi maaabot ng ebanghelyo.

1. Hindi magkukulang ang paanyaya ng Dios, gaano man kadami ng makasalanan.
2. Manghinayang nang lubusan kung malampasan sa kabila ng dami ng maliligtas

---

*Ang mga tao ngayong* semana santa *na nagpapapako sa krus sa iba't ibang lugar ay gumagawa ng isang insulto sa ginawa ni HesuKristo sa krus! Hindi ito maaaring gayahin sapagkat hindi ito isang palabas para gayahin ng iba. Ang ginawa ni HesuKristo sa krus ay minsanan, at tanging Siya lamang ang makagagawa sapagkat sa ginawa Niya roon, tinanggap niya ang poot ng Diyos. Kung ang kordero ng Lumang Tipan ay seremonya, kay HesuKristo ito ay totohanan. Humalili Siya sa makasalanan. At ito pa rin ang tanging paraan upang tayo ay makaharap sa batas ng Dios. Wala pa ring ibang paraan.*

## *I. Hindi magkukulang ang paanyaya ng Dios, gaano man kadami ng makasalanan.*

Ang mga maliligtas ay *mula sa bawat bansa, sa lahat ng mga lipi, mga bayan at mga wika.* Sa kanilang mga pagkaka-iba-iba, ang pinagkakabukluran nila ay ang laman ng kanilang pagpupuri saanman galing na wika, saanman galing na tribo, saanman galing na bayan. Lahat sila ay pawang iniligtas ng Dios. Ipinagbubunyi nila ang Dios at ang Kordero na tumutukoy kay HesuKristo dahil sa kaligtasang kanilang tinanggap. Tandaan natin na ang ganitong pangitain ay hindi lamang tumutukoy sa karanasan ni Juan. Ang ganitong pangitain ay tumutukoy sa buong kasaysayan mula sa unang pagparito ni HesuKristo hanggang sa katapusan sa Kanyang ikalawang pagparito. Ganito pa rin ang nangyayari. Ang kaligtasan ay iniaalok sa napakaraming tao na galing sa Dios sa pamamagitan ng Kordero na tumutukoy kay HesuKristo.

Punto: *Siya pa rin ngayon ang Dios na nagliligtas sa paraan ng pagsampalataya kay HesuKristo sa pamamagitan ng Krus.*

Marami na ang nagbago sa buhay at kaayusan ng mundo mula nang maisulat ni Juan ang aklat ng Pahayag. Nakamamangha ang uri ng ating komunikasyon na ni hindi napanaginipan ni Juan. Marami siyang pangitain doon sa Patmos pero, palagay ko, hindi niya naging pangitain ang Facebook o Twitter. Ang mga pangitain na nakita niya, kinailangan niyang isulat, at mahabang proseso yun. At ang pagkalat nito sa Iglesia sa Europa, mahabang proseso yun. Ngayon, sa ilang segundo, maari kang mag-*download* ng *Book of Revelation* mula sa Internet. At pagkatapos ikakalat mo o ilalagay mo sa social media na *Facebook* o *Twitter,* at kakalat na sa buong mundo. Wala niyan noon nang isulat ni Juan ang *Book of Revelation*. Ngunit sa gitna ng nakagigilalas na mga pagbabago sa mundo, may mga bagay din na hindi nagbabago. Sa tao, ang normal pa ring temperatura ay 37°C. Bumaba o tumaas dito, may sakit na ang tao. Ganyan pa rin ang tao sa kanyang normal na kalagayan. Ngunit ang pinakamahalaga na hindi nagbago ay ang kalagayan ng tao sa harap ng di-nagbabagong Dios. Ang Dios ay banal pa rin at sa Kanyang kabanalan nagpapairal ng Kanyang batas sa pagpapatupad nito, at pagpaparusa nito. Ano ang iniisip mo sa Dios? Ano ang Dios sa'yo? Bakit Siya nariyan?

Sa nakararaming tao, "*nandiyan angDios para ako'y pagpalain, bantayan, protektahan, at ibigay ang aking mga pangangailangan.*" Ganyan kababaw ang mga tingin ng tao sa ating Dios. Pero ang unang dapat isipin tungkol sa Dios ay ang katotohahanan na ang Dios ay nagpapairal ng batas na ipinapasunod Niya sa Kanyang mga nilikha. Kung hindi, magpaparusa Siya. Ikaw at ako ay mga makasalanang nasa ilalim ng parusa ng batas ng Dios. Lahat tayo ay nagkasala. At dahil lahat tayo ay nagkasala, paiiralin ng Dios ang parusa ng Kanyang batas. Ipapataw Nya sa atin ang parusa na walang hanggang pagkahiwalay sa Dios. Kaya ang isang hindi pa rin nagbabago ay ang pangunahin nating pangangailangan na maligtas sa kasalanan. At ang hindi pa rin nagbabagong tanging paraan upang tayo'y maligtas sa parusa ng batas ng Dios ay sa biyaya na ipinagkaloob niya sa pamamagitan ng ating Panginoong HesuKristo. Ito ang halaga ng pagtawag kay HesuKristo na Kordero.

Alam n'yo ba na sa aklat ng Pahayag pinakamaraming beses, 28 na beses, na tinawag si HesuKristo na Kordero ng Dios? Sa pinakamahalagang seremonya ng Israel sa Lumang Tipan na ginaganap nila minsan sa isang taon, naghahain sila ng kordero na kumakatawan sa buong Israel upang humalili sa kanilang kasalanan. At ginagawa nila ito sa pamamagitan ng pagpatay sa kordero sa altar. Ang alay ng pagsusunog ay kumakatawan sa poot ng Dios na tumutupok sa kordero upang ipakita ang Kanyang poot sa kasalanan. Kaya't isipin ninyo, *anong ibig sabihin ng pagiging Kordero ng Dios ni HesuKristo*? Hindi po ito palabas.

Ang mga tao ngayong *semana santa* na nagpapapako sa krus sa iba't ibang lugar ay gumagawa ng isang insulto sa ginawa ni HesuKristo sa krus! Hindi ito maaaring gayahin sapagkat hindi ito isang palabas para gayahin ng iba. Ang ginawa ni HesuKristo sa krus ay minsanan, at tanging Siya lamang ang makagagawa sapagkat sa ginawa Niya roon, tinanggap niya ang poot ng Diyos. Kung ang kordero ng Lumang Tipan ay seremonya, kay HesuKristo ito ay totohanan. Humalili Siya sa makasalanan. At ito pa rin ang tanging paraan upang tayo ay makaharap sa batas ng Dios. Wala pa ring ibang paraan.

Huwag kang mag-isip ngayon ng anumang programa sa *computer* na makadiskubre ng paraan upang tayo'y maiharap sa Dios. Ang tanging pa ring paraan ay ang ginawa ng Dios. Kung wala ka kay HesuKristo, ano pa mang mayroon ka sa simbahan. . . sa relihiyon. . . o mabuting gawa, walang magagawa ang mga ito para makaharap ka sa batas ng Dios. Paiiralin at paiiralin ng Dios ang Kanyang batas, kasama ang pagpaparusa. Ang tanging paraan na hindi ka mapasama sa parusa ay ang paghalili ng Panginoong HesuKristo.

May bagong larangan ngayon ng Medisina na tinatawag na *Regenerative Medicine.* Kung noon ang alam natin *plastic surgery*, hindi *plastic surgery* ang *Regenerative Medicine*. Halimbawa ikaw ay matanggalan ng tainga, papalitan ang bahagi ng katawan ng totoong *cells*. Ito ay nasa *starting stage* pa lamang. Ganyan ang pag-unlad ng medisina na talagang totoong katawan ang maipapalit sa atin. Ang pagpalit Ni HesuKristo, ang Kanyang paghalili Nya sa makasalanan ay buong buong pagkatao. Hindi bahagi ng katawan. Nang Siya'y nasa Krus, ang Kanyang buong pagkatao ang humalili sa lahat ng makasalanang sasampalataya sa Kanya. At yan ang iniaalok sa iyo. Kung ipinipilit mo na ikaw mismo ang haharap sa Dios, parusa ang iyong hinaharap. Tinanggap ni HesuKristo ang parusa bilang Kordero. Kaya huwag tayong padala sa mga maling akalang gagawin ngayong semana santa ng mga nag-aakalang sa paraan ng mga pagpapapako sa krus, at pagpapahirap sa sarili, malulugod sa kanila ang Dios. Ang tanging paraan ay sa Kordero pa rin.

---

*Lahat ay inaanyayahan, kasama ka saan ka man nanggaling, anuman ang iyong pagkatao. Huwag kang maglagay ng sarili mong harang at hanggahan sa ebanghelyo. Huwag kang maglagay ng sarili mong limitasyon, ano ka mang uri ng tao.*

HAMON: *Para sa iyo ang paanyaya ng kaligtasan sa ebanghelyo, anuman ang iyong pagkatao.*

Maliwanag ang pangitain ni Juan: "*mula sa bawat bansa, sa lahat ng mga lipi, mga bayan at mga wika.*" Ang simpling sinasabi nito ay walang puwera sa paanyaya. . . walang hindi pwede saan man galing. May mga okasyon na inihahanda kung saan napipilitan tayong maglagay sa ating mga paanyaya ng "*by invitation only.*" Kaya may gayong limitasyon ay dahil hindi kakayanin kung mas higit kaysa sa inanyayahan ang dumating. Maaring kulangin ang ng lugar o kulangin ang pagkain kaya kailangan nating lagyan ng hanggahan. Kaya "*by invitation only.*" Ngunit iba ang paanyaya ng ebanghelyo. Ito man ay "*by invitation only,*" *but everybody is invited to come!*

Lahat ay inaanyayahan, kasama ka saan ka man nanggaling, anuman ang iyong pagkatao. Huwag kang maglagay ng sarili mong harang at hanggahan sa ebanghelyo. Huwag kang maglagay ng sarili mong limitasyon, ano ka mang uri ng tao. Ano ang pinanghaharang mo? Maaaring iniisip mo: "*May edad na ako para diyan.*" Marami akong kilala na nasa *senior age* nang datnan ng ebanghelyo, at naligtas. Huwag mong ipangharang ang edad. O baka kabaligtaran ang sinasabi mo, na: "*Sobra pa akong bata para diyan; may panahon pa ako diyan.*" Nakita ko rin ang maraming bata pa, mga kabataan na tumanggap ng ebanghelyo. At ang kanilang pagiging kabataan ay lalong naging masaya, matagumpay, *fulfilling* dahil meron silang Panginoon.

Maaari ring iniisip mo: "*Ang dami ko nang kasalanan. . . Masyado nang mabigat*; *marami na akong pinagdaanan.*" Maaaring iniisip mo sa iyong sarili: "*Kung kilala mo lang ako, Pastor, hindi mo ako pagsasayangan ng panahon*." Ngunit ginugulan ka ng panahon ng biyaya ng Dios, pinag-ukulan ka ng panahon sa paggugol ni HesuKristo ng Kanyang pagkatao nang nabuhay Siya ng tatlumpu't tatlong taon dito sa lupa upang sundin Niya ang kautusan nang walang sala. At sa kahulihan Siya ay ipinako sa Krus upang, sa pamamagitan noon, ang sinumang tao ay maanyayahan. Ayokong isipin na kung alam ko lang ang pinanggalingan ko ay hindi para sakin ang ebanghelyo. San ka man galing, para sa iyo ang ebanghelyo kaya't walang hanggahan ang paanyaya ng Dios.

Anibersaryo ngayon ng batas sa pagtigil ng *slave trade*. Ito ang pangangalakal ng alipin kung saan pumupunta ng Africa ang mga mangangalakal upang kumuha ng mga Afrikano doon at ipagbili bilang alipin sa Europa at sa Amerika. Hanggang ngayon, nakikita natin ang epekto nito. Ngunit noong March 25, 1807 sa Inglatera, nilagdaan ang batas na ito. Itinigil ang pang-aalipin, at lahat nang naalipin ay idiniklarang malaya. Ang isang nasa likuran ng mga pagsisikap na gawing batas ito ay isang kristyano na si William Wilberforce bilang member ng parliament. At ang isa pa ay isang ministro na dati ring mangangalakal ng alipin, si John Newton, na may katha ng *Amazing Grace*. Namamangha tayo sa biyaya ng Dios na nag-aanyaya sa lahat!

### *II. Manghinayang nang lubusan kung malampasan sa kabila ng dami ng mga maliligtas.*

Ang mensahe ng pangitaing ito ay marami ang makikinabang sa ebanghelyo, sa kabila ng hirap ng pinagdaraanan ng Iglesia.

Punto: *Marami ang nagpapalampas ng mensahe kahit maraming ang pagkakataon.*

Bawat isa sa napakaraming mga tao sa pangitain ni Juan ay dumating sa punto na hindi pinalampas ang mensahe ng ebanghelyo. Iba-iba ang pagkakataon para maligtas. . . maaaring sa pakikinig sa pangangaral kagaya ng nangyayari ngayon habang ikaw ay nakaupo diyan, at nakikinig sa nagangangaral ng Salita ng Diyos. Karaniwang ganyan ang pagkakataon. Habang nakikinig kaeng pangangaral ay binibigyan ka ng pagkakakataong tumugon sa Ebanghelyo. Maaring naririnig sa radio, at kayo mang mga nakikinig ay inaanyayahang tumanggap ng mensahe ng ebanghelyo. Maaari ring nabasa sa isang babasahin. . . Maraming uri ng pagkakataon. At dapat sunggaban ng bawat isa na mapapabilang doon sa napakarami na hindi mabilang na ligtas, ang pagkakataon na tumanggap sa ebanghelyo. Sana ay isa ka na sa mga taong napakarami na di-mabilang. Ngayong umaga maari kang mapabilang sa mga napakaraming tao na ito.

Noong 1986 ay nagpatawag ng snap elections si Marcos dahil sa matindi na ang kaguluhan noon. At nang panahon na ng eleksyon, isang taktika ang ginawa ng kanyang mga alipores na tinatawag na *disenfranchisement*. Maraming mga tinanggal sa listahan ng mga botante. Alam ni Marcos na mas may pag-asa siyang manalo lalo na sa Metro Manila kung mas kaunti ang boboto kaya't tinanggal ng kanyang mga tauhan ang napakarami mula sa listahan. Gayon ang pananaw ng isang tao na may masamang interes sa kapangyarihan. Ngunit sa Dios, mas pinalalawak Niya; hindi Niya binabawasan. Kasama ka sa mga inaanyayahan kaya't huwag mong iwasan.

Bantog ang kuwento ni Benjamin Franklin na pagpapalipad ng saranggola upang patunayan na ang kidlat ay may taglay na *electrical charge*. Ginawa niya ito sa panahon ng *thunderstorm*, sapagkat kabikabila ang kidlat at mas madaling tamaan ang saranggola. Ano kaya't kung ang saranggola niya ay may isip at pag may kidlat, ito'y iilag? Ganito ang ginagawa ng marami. Nandyan na ang paanyaya ng ebanghelyo kung ang tunog ng mensahe ay naririnig nila, at sila'y umiilag at nagpapalampas! At maraming pagkakataon mo nang narinig mo ang ebanghelyo. Hanggang ngayon ba'y iilag ka pa rin? Huwag ka nang umilag; tanggapin mo ang ebanghelyo. Huwag kang umalis sa gusaling ito na iilag pa rin sa mensahe ng ebanghelyo.

*Maraming uri ng pagkakataon. At dapat sunggaban ng bawat isa na mapapabilang doon sa napakarami na hindi mabilang na ligtas, ang pagkakataon na tumanggap sa ebanghelyo. Sana ay isa ka na sa mga taong napakarami na di-mabilang. Ngayong umaga maari kang mapabilang sa mga napakaraming tao na ito.*

HAMON: *Ngayon mo na gamitin ang pagkakataon, bago mawala o maabutan ka ng katapusan.*

Habang nariyan ang pagkakataon, walang ipinangako na maaring maulit pa ito. Kung napapaulit sa iyo, nangangahulugan lang na nagiging mabuti sa iyo ang Dios. Ngunit hanggang kailan ka magpapaliban? Ang katapusan ay maaring dumating sa hindi matutukoy na pagdating ng kamatayan. At kapag namatay na, walang padasal. . . walang seremonya ang magpapabago ng iyong kalagayan. Ang katapusan ay maaring dumating sa probidensiya ng Dios na hindi na ulitin ang pagkakataon. Pero ang pinakamalungkot na katapusan ay maaring dumating sa araw ng pagparito ni HesuKristo at araw ng paghuhukom. Dito nakita ni Juan ang isang pangitain na napakaraming taong hindi mabilang, lahat ng uri ng tao.

May isa pang pagkakataon sa Pahayag na may kaparehong pagtukoy sa lahat ng uri ng mga tao, at makikita ito sa Pahayag 6:15-17: *"Ang mga hari sa lupa, ang mga prinsipe, ang mga pinuno ng hukbo, ang mayayaman, ang malalakas at ang bawat alipin at ang bawat malaya, ay nagtago sa mga yungib, sa mga bato at sa mga bundok; at sinasabi nila sa mga bundok at sa mga bato, "Mahulog kayo sa amin at itago ninyo kami mula sa mukha ng nakaupo sa trono, at mula sa poot ng Kordero; sapagkat dumating na ang dakilang araw ng kanilang pagkapoot, at sino ang makakatagal*?"

Narito pa ang isang pagkakataon na napakaraming tao na mula sa iba't-ibang uri. Ngunit sa halip na nagpupuri sa Dios dahil sa kanilang kaligtasan, sila'y nagpapanakbuhan. . . nagtatago. . . nagsisigawan. Isipin ninyo kung ito'y mangyari dito sa atin: mga taong nagtatakbuhan sa Makiling, nagtatago sa mga yungib at sumisigaw, "*Itago ninyo kami mula sa poot ng Dios at ng Kanyang Kordero!*" Mas mamabutihin mo bang mapabilang sa di-mabilang na dami ng mga tao na iniligtas o sa napakaraming di-mabilang na mga tao na hahatulan? Mas mamabutihin mo bang mapabilang ka sa mga hahatulan? Pansinin ninyo rito kung paano ito inilarawan ni Juan: Ang mga iniligtas ay mula sa bawat lipi, wika, angkan. Dito sa mga hahatulan, inilarawan ni Juan ang mga hari, mga prinsipe, mga alipin. Pagdating ng paghahatol, wala ring sisinuhin! Hindi dahil sa kayamanan ni sa kahirapan. Madaling makalusot ang mayaman ngayon! At sa isang banda, sa isipan naman ng iba ay laging *excuse* ang kahirapan. Ngunit pagdating sa paghahatol ng Dios, walang mayaman, walang

mahirap. Walang sisinuhin. Lahat ng uri ng tao ay lalasap ng parusa ng Dios kung sila ay walang biyaya ng Kordero ng Dios. Ang tanging sagot dito ay ang ginawa ng Kordero na si HesuKristo na Siyang nagbayad ng sagutin natin sa batas. Angkinin mo ang mga salita ng ating inawit:

*Ang 'Yong kautusan*
*Aking nasalangsang*
*Kaluluwa'y mamamatay*
*Nawa'y 'Yong tulungan!*

At ang tanging paraan na tayo ay tulungan, dinagdag sa awit:

*Walang katuwiran*
*Maiharap sa Diyos*
*Kaya sa Kanyang harapan*
*Ipagtanggol, Hesus*

Nasa Panginoong Hesus lamang ang ating pag-asa. Ngayon na! Huwag mo nang ipagpaliban! Hindi maramot sa biyaya ang Dios. Sagana ito para sa iyo.

Ang isa pang inawit natin na *My Hope Is Built on Nothing Less* ay tanging awit ni Edward Mote. Dati siyang karpintero bago siya naging Baptist pastor kaya't alam na alam niya ang pangangailangan ng matibay na saligan. Ang tanging matibay na saligan sa usapin ng kaligtasan ay si HesuKristo. Walang iba. Hindi simbahan. . . hindi kabutihan. . . hindi santo. . . hindi si Mama Mary. Si HesuKristo lamang!

Walang hanggahan ang alok na kaligtasan. Ngunit ikaw ay may hangganan. May hangganan ang iyong buhay, at may darating na katapusan. Huwag mong palampasin ang paanyaya ngayon ng ebanghelyo.

*Habang nariyan ang pagkakataon, walang ipinangako na maaring maulit pa ito. Kung napapaulit sa iyo, nangangahulugan lang na nagiging mabuti sa iyo ang Dios. Ngunit hanggang kailan ka magpapaliban? Ang katapusan ay maaring dumating sa hindi matutukoy na pagdating ng kamatayan. At kapag namatay na, walang padasal. . . walang seremonya ang magpapabago ng iyong kalagayan. Ang katapusan ay maaring dumating sa probidensiya ng Dios na hindi na ulitin ang pagkakataon. Pero ang pinakamalungkot na katapusan ay maaring dumating sa araw ng pagparito ni HesuKristo at araw ng paghuhukom.*

## EVANGELISTIC MESSAGE
### *May Katapusan*

**January 30, 2011**

Ginimbal tayong lahat ng malalagim na trahedya nitong mga nakaraang araw kung saan may mga kababayan tayo na namatay sa paraan na wala naman sigurong naghangad. Lima ang namatay sa pagsabog ng isang bomba sa bumibiyaheng bus diyan sa EDSA at pagkatapos ay sinundan sa isang *construction work* naman kung saan sampung manggagawa ang bumulusok pababa mula sa kinalululanan nilang gondola. Sa larawan nga sa mga pahayagan ay nakikita natin ang mga nakalambitin nilang mga bangkay.

Walang naghahangad ng ganitong uri ng kamatayan para sa kanyang sarili. May mga namatay doon na may magaganda pang pangarap sa kanilang buhay, at inaasahan ng kani-kanilang pamilya. Pero lahat ng iyan ay bigla na lang nawala! Malupit ang ganitong katapusan ng buhay sapagkat, tanggapin man natin na matatapos ang buhay natin dito sa mundo, hangad din naman natin na marating man lamang ang ating ambisyon, ang ating layunin; . . . tumanda, magkapamilya, at magkaroon ng mga bagay na mithiing makamit natin dito sa buhay. Subalit hindi na ito mangyayari sa mga kababayan nating nasangkot sa mga trahedyang ito.

*Ang ating paniniwala at ang itinuturo ng Bibliya ay: may pinatutunguhan ang layon ng Dios. Ibig sabihin: matatapos ang buhay. . . may hangganan at iyan ang napakahalaga na malaman natin sapagkat ang planong katapusan ng Dios ay may kinalaman sa papel na gagampanan natin. Ano nga kaya ang papel natin sa layunin ng Dios? Pero ang mas mahalagang tanong ay: Ikaw ba ay mabibilang sa magtatamo ng planong katapusan ng layunin ng Dios?*

May katapusan na bigla na lang tinatapos ang mga pangarap at layunin natin. May katapusan na angkop na paghuhusto at kalubusan ng lahat ng nilalayon natin sa buhay. Ito ang katapusang masasabi natin na may katuparan. Ang salitang katapusan na ginagamit sa bukabularyong kristiyano sa kanyang paniniwala ay may pagkiling doon sa ikalawang uri. May katapusan na tumutukoy sa paghuhusto ng layunin ng Dios dito sa mundo.

May paniniwala din na ang buhay dito sa mundo ay walang katapusan kundi tuloy-tuloy lamang, at dinudugtungan ng iba't ibang mga katuruan. Nandiyan ang popular na *Reincarnation* na nagtuturong tuloy-tuloy lamang ang buhay, at maaring magbago lang ang iyong kalagayan sa susunod na buhay. Maaring maging hayop ka o puno o mas mataas na uri ng tao. Sa

kanilang paniniwala, walang katapusan ang buhay dito sa mundo. . . isang gulong na patuloy na umiikot. Pero hindi ganito ang pagtuturo ng Salita ng Dios. Ang ating paniniwala at ang itinuturo ng Bibliya ay: may pinatutunguhan ang layon ng Dios. Ibig sabihin: matatapos ang buhay. . . may hangganan at iyan ang napakahalaga na malaman natin sapagkat ang planong katapusan ng Dios ay may kinalaman sa papel na gagampanan natin. Ano nga kaya ang papel natin sa layunin ng Dios? Pero ang mas mahalagang tanong ay: *Ikaw ba ay mabibilang sa magtatamo ng planong katapusan ng layunin ng Dios*?

**Teksto:**

**1 Corinto 15: 20– 28** = *Subalit ngayon, si Kristo ay binuhay mula sa mga patay, na siyang unang bunga ng mga namatay. Sapagkat yamang sa pamamagitan ng isang tao'y dumating ang kamatayan, sa pamamagitan din ng isang tao'y dumating ang pagkabuhay na muli ng mga patay. Sapagkat kung paanong kay Adan ang lahat ay namamatay, gayundin kay Kristo, ang lahat ay bubuhayin. Subalit ang bawat isa'y ayon sa kanya- kanyang panahon. Si Kristo ang unang bunga; at pagkatapos ay ang mga kay Kristo sa kanyang pagdating. Pagkatapos ay darating ang wakas, kapag kanyang ibinigay ang kaharian sa Diyos Ama, pagkatapos na lipulin niya ang lahat ng paghahari at lahat ng kapamahalaan at kapangyarihan. Sapagkat siya'y kailangang maghari, hanggang mailagay niya ang lahat ng kanyang mga kaaway sa ilalim ng kanyang paa. Ang huling kaaway na lilipulin ay ang kamatayan. Sapagkat ipinasakop ng Diyos ang lahat ng mga bagay sa ilalim ng kanyang pa. Subalit kung sinasabi, "Lahat ng mga bagay ay ipinasakop" maliwanag na hindi siya kabilang na nagpasakop sa lahat ng bagay sa kanya. Subalit kapag ang lahat ng mga bagay ay ipinasakop na sa kanya, ang Anak ay pasasakop din sa kanya na nagpasakop ng lahat ng mga bagay sa kanya, upang ang Diyos ay maging lahat sa lahat.*

Dito ay sinasagot ni Pablo ang isang katuruan na kumalat doon sa Corinto na naging dahilan para maging palaisipan sa kanila ang usapin ng pagkabuhay na muli sa mga patay. May mga tumatanggi noon na mangyayari ang pagkabuhay mula sa mga patay. Ang isang dahilan niyan ay sapagkat, noong mga unang panahon, popular na turo na masama ang katawan ng tao kaya kapag namatay, bakit pa ito bubuhayin? Kanilang sinasabi na, para sa kristiyano, mabuti ang mawala na ang katawan at kaluluwa na lang; . . . na wala nang pagkabuhay na muli ng katawan. Iyan ang iwinawasto ni Pablo. Ang sinasabi ni Pablo ay, kasama ang katawan sa plano ng Dios na kaligtasan kaya't ang kamatayan ay maaaring mangyari sa isang mananampalataya, subalit may pagkabuhay na muli. At ang pinakapuntong batayan nito ay sapagkat si HesuKristo ay totoong nabuhay na muli mula sa mga patay. Ganyan kahalaga kung bakit haliging paniniwala natin na si HesuKristo ay totoong namatay,

subalit nabuhay na muli sa ikatlong araw. Iyon ay katotohanan upang maipakitang Siya ang totoong Panginoon at Tagapagligtas. At iyon din ang katibayan na si Hesus ang Siyang magsisiguro ng pagkabuhay nating muli mula sa mga patay. Pundasyong paniniwala ito ng mga mananampalataya.

Dito, pinagsunod-sunod ni Pablo ang mga mangyayari sa pagdating ni HesuKristo na nakaugnay sa pagkabuhay na muli mula sa mga patay. At idinugtong niya ito sa tinawag niyang, *katapusan ng lahat.* Ano nga ba ang katapusan ng lahat? Ang sinabi niya ay: *upang ang Dios ay maging lahat sa lahat.* Ang tinutukoy niyan ay ang buong kaluwalhatian na hindi pa ibinibigay sa Dios hanggang ngayon ay tunay na maiukol na sa Dios. Subalit darating ang panahon, kapag nahusto na ang lahat, ang tunay na katapusan ay buong kaluwalhatian ng Dios.

---

*Naniniwala tayo na ang katawan ng tao ay hindi likas na masama. Nilalang ito ng Dios, at niloob Niya na maging mabuti ito. At darating ang araw na, sa pagkabuhay nitong muli, bibigyan ito ng hindi nabubulok na kadalisayan. Iyan ang pangako ng Dios. At pinupunto nga niyan na mamamatay nga ang katawan ng tao, subalit hindi doon natatapos ang kanyang pagiging tao.*

**MENSAHE:** ***Ang katapusan ay ang paghuhusto ng layon ng Dios para sa Kanyang buong kaluwalhatian.***

Maraming idinugtong si Pablo sa kaganapan ng pagkabuhay na muli mula sa mga patay ngunit ang pinakadulo o pinaka-kalubusan nito ay itong kaluwalhatian ng Dios. Madaling isipin na ang lahat ay pawang pagkakataon lamang, ngunit hindi ganito mag-isip ang kristiyano. Iniisip ng kristiyano na may plano ang Dios, at ito ang siyang isinusulong ng Dios anuman ang nangyayari sa kasaysayan. Maaaring may iba-iba tayong paliwanag subalit para sa mananampalataya, tinitingnan niya na ang plano ng Dios ang siyang natutupad at dapat niyang tingnan kung saan ang puwang niya sa plano ng Dios sa darating na katapusan. Dalawang katotohanan ang gusto kong isulong dito.

1. Ang kamatayan ng tao ay hindi katapusan.
2. Ang kaluwalhatian ng Dios ay siyang katapusan

## *I. Ang kamatayan ng tao ay hindi katapusan.*

Ito ang negatibo na mahalagang maunawaan natin. Ito ang sinasagot ni Pablo sa kumakalat na kamalian doon sa Corinto na itinatanggi ang pagkabuhay na muli, na kapag namatay na, tapos na. Patay na. Malawak ang paniniwala

noon na dahil nga masama ang katawan at nagpapahamak lamang sa kaluluwa, kapag namatay na ito, hindi na dapat buhaying muli. Nilabanan ni Pablo ang paniniwalang ito na dapat din nating labanan. Naniniwala tayo na ang katawan ng tao ay hindi likas na masama. Nilalang ito ng Dios, at niloob Niya na maging mabuti ito. At darating ang araw na, sa pagkabuhay nitong muli, bibigyan ito ng hindi nabubulok na kadalisayan. Iyan ang pangako ng Dios. At pinupunto nga niyan na mamamatay nga ang katawan ng tao, subalit hindi doon natatapos ang kanyang pagiging tao.

*Pagkatapos niyang mamatay, hahatulan siya sa lahat ng mga bagay na ginawa niya sa kanyang katawang panlupa. Iyon ang ihaharap natin sa Dios. Kaya nga, kapag tapos na ang panlupa nating katawan at inagaw na ng kamatayan, wala nang pagkakataon. Maraming ginagawa ang relihiyon sa pag-asa na maihabol ito sa namatay. Ngunit wala nang paghahabol! May tinatapos ang kamatayan at ang tinatapos ng kamatayan ay ang pagkakataon sa mundo. Wala na paglampas ng kamatayan.*

Punto: *Tinatapos ng kamatayan ang pagkakataon natin sa mundo; ngunit hindi ang kawalang hanggan ng tao.*

May tinatapos nga ang kamatayan ngunit hindi ang kawalang hanggan. Ang tinatapos nito ay ang pagkakataon natin dito sa mundo. Iyan ang dapat nating seryosohin. Maraming maling paniniwala na nasasagot ng katuruang ito ng Salita ng Dios. Gamitin natin ito. Ang pagkakataon ng tao upang makamtan niya ang biyaya ng Dios ay narito lang sa buhay sa mundo. Dito lamang. Wala nang pagkakataon pagkatapos ng kamatayan. Kapag dumating na ang kamatayan, walang nang magpapabago ng ating kalagayang pangwalang-hanggan. Iyan ang gagawin ng kamatayan. Tatapusin ang pagkakataon dito sa mundo. Sinasabi ni Pablo sa 2Cor 5:10: “*Sapagkat tayong lahat ay kailangang humarap sa hukuman ni Kristo upang bawat isa ay tumanggap ng kabayaran sa mga bagay na ginawa niya sa pamamagitan ng katawan, maging mabuti o masama*.”

Pagharap natin sa hukuman, kasama yan sa mga mangyayari sa ikalawang pagparito ni HesuKristo. Kapag binuhay na ang lahat mula sa mga patay, ang hahatulan ay hindi ang mga ginawa ng kaluluwa. Pagkatapos niyang mamatay, hahatulan siya sa lahat ng mga bagay na ginawa niya sa kanyang katawang panlupa. Iyon ang ihaharap natin sa Dios. Kaya nga, kapag tapos na ang panlupa nating katawan at inagaw na ng kamatayan, wala nang pagkakataon. Maraming ginagawa ang relihiyon sa pag-asa na maihabol ito sa namatay. Ngunit wala nang paghahabol! May tinatapos ang kamatayan at ang tinatapos

ng kamatayan ay ang pagkakataon sa mundo. Wala na paglampas ng kamatayan.

Maaring may iiwanan tayo na magandang alaala kapag tayo ay namatay. Ito ang alalahanin ng mga nagmamahal sa atin. Ngunit tayo mismo ay wala na sa mundo. Alisin din natin lahat ng mga pamahiin na narito pa ang mga namatay. Nitong mga nakaraang lingo, marami akong napuntahang mga lamay at marami akong narinig na nagparamdam daw ang namatay. Hindi ko tinatangging maaring ngang may maramdaman. Ngunit hindi iyon ang namatay. Matapos mamatay, wala na ito sa mundo! Kaya alisin natin ang lahat ng mga ganyang pamahiin. May mga pilit pa ring kinakausap ang kanyang namatay na mahal sa buhay. Walang masama kung gusto mo lang ang kapayapaang makausap mo siya pero huwag mong isiping naririnig ka niya. Walang katotohanan na naririto pa rin siya sa mundo.

Maaring mag-iwan tayo ng mga nagawa natin noong tayo ay nabubuhay pa ngunit tayo mismo ay tapos na sa mundo. Ngunit totoo man na tinapos ng kamatayan ang pag'kakataon sa mundo, hindi nito tinatapos ang pagtuloy-tuloy natin sa walang hanggan. Iyan ang itinuturo ng salita ng Dios. Sa Ecclesiastes 3: 11, "*Inilagay rin niya ang walang hanggan sa isipan ng tao*." Inilagay niya ang walang-hanggan sa ating kalikasan. Hindi natin ito matatakasan. Maaring gumawa tayo ng iba't ibang turo para pagtakpan ang katotohanan na iyan, subalit inilagay iyan ng Dios at hindi natin matatakasan. At dito natin matutuklasan ang katotohanan na ang buhay sa mundo ay maikling bahagdan lamang.

Naalala ko noong nagsisimula ang dekada 90's. Noong 1990, may tinanggap akong promo gift mula sa *TIME Magazine*, pang-isang dekadang kalendaryo mula 1990 hanggang 1999. Naisip ko noon, "*kahaba haba naman nito.*" Tapos dumating ang 1999. Isipin ninyo, isang dekada nang nakalipas iyon! Ang inaakala kong mahabang panahon, nang dumating na, kay ikli pala.

*Ngayon na ang panahon! Nariyan si HesuKristo! Tingnan mo ang Kanyang alok, at huwag kang mag-isip ng "saka na." Ngayon na! Ilang ulit mo nang narinig ang "ngayon ka lumapit kay HesuKristo." Muli kong ipamamanhik sa iyo. Huwag mo nang palampasin. Hindi mo kailangang lumabas sa gusaling ito na walang biyaya ng Dios. Ngayon sa iyong kinauupuan, maari kang tumawag kay HesuKristo. Huwag mong hintayin na tapusin ng kamatayan ang iyong pagkakataon.*

*Dalawa lamang ang uri ng pangwakas na kalagayan: ang para sa matuwid na na kay HesuKristo at ang sa mga hindi matuwid. Makapigil- hininga ang pangkalahatang plano ng Dios. Hagip ang lahat at tungo sa Kanyang ikaluluwalhati.*

HAMON: *Huwag mong palampasin ang pagkakataon dito upang maging handa sa kawalang hanggan*

Ito na ang pagkakataon mo. Sapagkat kapag namatay kang hindi handa sa walang hanggan, talagang mas mamatamisin mo pa na tinapos na lang sana ng kamatayan ang lahat- lahat. Iisipin mo na sana nga'y namatay ka na lang na tulad ng isang hayop. Subalit hindi ganyan ang mangyayari. Makikita mo na, bilang tao na nilalang sa wangis ng Dios, ikaw ay may kawalang-hanggan. At makikita mo na ang binigyan mo ng lubos na pagpapahalaga sa buhay mo sa mundo ay hindi mo madadala, at na hindi na maitutuwid ang iyong kalagayan at relasyon sa Dios mong Hukom. Iyan ang iyong isipin!

Anong mangyayari sa kasikatan mo sa mundo kung ang iiwanan mo ay isang sikat na pangalan ngunit ikaw naman ay sa walang hanggan? Anong mangyayari sa mga inimpok mong kayamanan? Maaring makatustos ito sa iyong mga iiwanan, ngunit ikaw? Hindi mababago ng iyong kayamanan sa iyong walang-hanggang kalagayan. Iyan ang sinasabi ng salita ng Dios sa 1Tim 6:7, "*Sapagkat wala tayong dinalang anuman sa sanlibutan, at wala rin naman tayong mailalabas na anuman.*" Noong tayo'y pumasok sa mundo, wala tayong dala. At kapag tayo'y lumabas na, wala din tayong dala. Hindi mo mailalabas sa mundo ang iyong mga titulo, ang iyong mga salapi, ang iyong mga tagumpay. Iiwanan mong lahat yan sa mundo.

Kung inisip mo naman na doon ka na hihiling ng ikalawang pagkakataon, na sa kamatayan ay hihilingin mong bigyan ka pa ng pagkakataon, may gumawa na niyan sa salaysay ng Bibliya ~ ang mayaman na kapitbahay ng pulubing si Lazaro. Nang mamulat ang kanyang mga mata sa kapahamakan, bilang isang Hudyo, humiling siya sa ama niyang si Abraham. Pero sinabi sa kanyang, "*hindi na maaari.*" Kaya't huwag mong isipin na hihingi ka ng ikalawang pagkakataon. At kahit na ang mga naiwan mo pa ang hihingi ng ikalawang pagkakataon at magpapanobena nang katakot takot, walang magagawang pagbabago sa iyong kalagayan.

May nagsasabi naman na: "*Huhustuhin ko muna ang pagpapasarap ng buhay dito sa mundo at kapag malapit na malapit na sa kamatayan, saka ko iisiping magbalik-loob sa Dios.*" Ito ay kapangahasan. *It is presumption. True repentance is never late but late repentance is seldom true.*

Ngayon na ang panahon! Nariyan si HesuKristo! Tingnan mo ang Kanyang alok, at huwag kang mag-isip ng "*saka na*." Ngayon na! Ilang ulit mo nang narinig ang "*ngayon ka lumapit kay HesuKristo.*" Muli kong ipamamanhik sa iyo. Huwag mo nang palampasin. Hindi mo kailangang lumabas sa gusaling ito

na walang biyaya ng Dios. Ngayon sa iyong kinauupuan, maari kang tumawag kay HesuKristo. Huwag mong hintayin na tapusin ng kamatayan ang iyong pagkakataon.

**N**oong ika-14 na siglo sa Europa, nangyari ang pinakamalagim na epidemya na tinawag na *Black Death*. Doon, ikatlong bahagi ng populasyon ng Europa ay nasawi. Isipin ninyo: ikatlong bahagi ng buong populasyon ng Europa, namatay! Pinilit nilang pasayahin ang situwasyon, at diyan nauso ang *nursery rhyme* na "*a-tisho! a-tisho! we all fall down* na isang laro. At meron ding mga sining o art na nauso na ang naging malaking tema ay kamatayan. Isang pinta na ginawa noon ay ang "*The Three Princes and the Three Dead.*" Ipinapakita nito ang pagkasalubong sa gubat ng tatlong prinsipe na mangangaso at ang tatlong patay na nasa iba't ibang antas na ng pagkaagnas. Ang isa ay kamamatay pa lang; bihis na bihis pa. Ang pangalawa ay naaagnas na, at ang ikatlo ay kalansay na. At may *caption* nakasulat sa ilalim na nagsasalita ang sinabi ng mga patay, kinakausap ang mga prinsipe, "*What you are now, we were. What we are now, you will be.*" "Kung ano kayo ngayon, kami dati. Kung ano kami ngayon, kayo'y maging . . ." At isipin ninyo, *what you will be?* Magiging ano kayo sa kamatayan? Ang kamatayan ay hindi ang katapusan. Haharap kayo sa walang hanggan.

---

*Hindi pala ang mga makapangyarihang pinuno ng mundo ang magpapasiya ng mangyayari sa kasaysayan. Hindi pala ang kayamanan ng mauunlad na bansa ang magbibigay direksyon sa ating kasaysayan. Hindi gobyerno, hindi ekonomiya, ang magdidikta sa magiging katapusan. Hindi rin mga mapaglarong imahinasyon ninuman ang makapagsasabi ng katapusan. ... Ang tinutumbok na katapusan ng lahat ay ang paglulubos ng ginawa ni HesuKristo hanggang sa maluwalhati ang Dios. At ang mangyayari, Siya ang maglalagay sa Kanyang paanan ng kamatayan. Siya ang dadaig sa kamatayan sa Kanyang pagdating.*

### *II. Ang kaluwalhatian ng Dios ay siyang katapusan.*

May pinagsunod- sunod na mangyayari sa larawan ni Pablo sa ating teksto, sa ikalawang pagparito ni HesuKristo. Ano ang mga mangyayari? Sinabi niya, "*Lilipulin Niya ang lahat ng paghahari at lahat ng kapamahalaan at kapangyarihan.*" Darating ang panahon, ang mga inaakala nating mga permanenteng gobyerno na napaka-makapangyarihan at malalakas ay mawawala. Lilipulin. At sinabi rin, "*Darating ang katapusan, kapag Kanyang ibinigay ang kaharian sa Diyos Ama. Ang Anak ay pasasakop din sa Kanya*

*na nagpapasakop ng lahat ng mga bagay, upang ang Diyos ay maging lahat sa lahat.*" Ang pagpapasakop ng Anak dito ay tumutukoy sa pagbibigay ng katuparan sa lahat ng ibinigay na mando ng Ama sa Kanya. Naalala ninyo ang sinabi ni Hesus sa Juan kabanata 6, "*Naparito ako, upang tuparin ang kalooban ng Ama.*" At ito nga ang nangyayari. Darating ang panahon na lubos na matutupad ang kalooban ng Ama.

---

*Bakit tayo namamatay? Hindi dahil sa ating panglupang kayarian, kundi dahil sa ating kaugnayan kay Adan. Hangga't totoo na nagkasala si Adan, ang tao'y mamamatay. At ang tanging paraan upang maligtas tayo sa kasalanan at sa bunga nitong kamatayan ay na kay HesuKristo sa Kanyang pagkabuhay na muli.*

Punto: *Ang lubos na pagluwalhati sa Dios ang katapusan ng layon ng Dios na hahantong sa pang-wakas na kalagayan ng lahat, at walang sinuman ang mapupuwera sa pagkakaroon ng pangwakas na kalagayan.*

Dalawa lamang ang uri ng pangwakas na kalagayan: ang para sa matuwid na na kay HesuKristo at ang sa mga hindi matuwid. Makapigil- hininga ang pangkalahatang plano ng Dios. Hagip ang lahat at tungo sa Kanyang ikaluluwalhati.

Hindi pala ang mga makapangyarihang pinuno ng mundo ang magpapasiya ng mangyayari sa kasaysayan. Hindi pala ang kayamanan ng mauunlad na bansa ang magbibigay direksyon sa ating kasaysayan. Hindi gobyerno, hindi ekonomiya, ang magdidikta sa magiging katapusan. Hindi rin mga mapaglarong imahinasyon ninuman ang makapagsasabi ng katapusan. Walang *Star Wars or Martian Attack or Planetary Collision* na siyang magiging katapusan ng lahat. Ni ang *environmental depletion* o pagka-ubos ng kapaligiran. Ang tinutumbok na katapusan ng lahat ay ang paglulubos ng ginawa ni HesuKristo hanggang sa maluwalhati ang Dios. At ang mangyayari, Siya ang maglalagay sa Kanyang paanan ng kamatayan. Siya ang dadaig sa kamatayan sa Kanyang pagdating.

May bagong proseso ngayon sa larangan ng medisina na ang tawag ay *cryopreservation.* Ito ang pagpigil ng pagkabulok ng mga tao o mga hayop na di mapagaling ng medisina pero ayaw namang ilibing kaya nilalagay muna sa isang may napakababang temperatura sa pag-asa nilang balang araw ay matutuklasan ng medisina ang bubuhay sa mga namatay at siyang sasagip sa kanila. Pero 'yan ay isang bulag na pag-asa sapagkat ito nga ang ipinapaliwanag sa ating teksto. Bakit tayo namamatay? Hindi dahil sa ating *biological constitution, it is because of our Adamic connection.* Hindi dahil sa ating panglupang

kayarian, kundi dahil sa ating kaugnayan kay Adan. Hangga't totoo na nagkasala si Adan, ang tao'y mamamatay. At ang tanging paraan upang maligtas tayo sa kasalanan at sa bunga nitong kamatayan ay na kay HesuKristo sa Kanyang pagkabuhay na muli.

---

*Ano ang buhay natin ngayon dito sa mundo? Anong kaganapan ngayon sa mundo na napakahalaga nating malaman? Sinabi rin dito ni Pablo habang hindi pa ibinibigay sa Diyos ang buong paghahari upang Siya ay maging lahat sa lahat:* "Sapagkat si Kristo ay kailangang maghari hanggang mailagay niya ang lahat ng kanyang mga kaaway sa ilalim ng kanyang paa*."*

HAMON: *Sukatin mo ang buhay mo ngayon kaugnay ng isinusulong na plano at layon ng Dios.*

Ano ang buhay natin ngayon dito sa mundo? Anong kaganapan ngayon sa mundo na napakahalaga nating malaman? Sinabi rin dito ni Pablo habang hindi pa ibinibigay sa Diyos ang buong paghahari upang Siya ay maging lahat sa lahat: "*Sapagkat si Kristo ay kailangang maghari hanggang mailagay niya ang lahat ng kanyang mga kaaway sa ilalim ng kanyang paa*."

Ito ang paliwanag ngayon sa kasaysayan. Sa pananaw ng mananampalataya, naghahari ngayon si HesuKristo. Sa pananaw ng pahayagan, sa pananaw ng media, ang nagdidikta ng mga pangyayari sa mundo ay ang Amerika, ang Europa, ang ekonomiya, ang mga terorista at iba't- iba pang mga usapin dito sa mundo. Maaaring may sangkap silang ibinibigay sa ating kasaysayan ngunit sa mga mata ng mananampalataya ang lubos na paliwanag dito sa ating kasaysayan ay naghahari si HesuKristo. At ang buhay ng isang mananampalataya ay bilang isang nagpapasakop sa paghahari na iyon. Ang buhay ng Iglesia ay bilang may misyon na isusulong, at palalawakin ang kaharian na iyon. Iyan ang paliwanag natin sa ating buhay.

Isa ka na ba sa mga nagpasakop sa Hari, sa Panginoong HesuKristo? Yumukod ka na ba sa kanyang paghahari? Ang tugon mo ba ay: "*Makapaghihintay Siya sapagkat abala pa ako sa mga bagay na mahahalaga*." Mas gusto mong kaugnayin ang mundo? Binabalaan kita. May katapusan. Darating ang kamatayan at wawakasan ang iyong pagkakataon sa mundo. Darating si HesuKristo at tatapusin ang layunin ng Dios.

At tayong Iglesia, narito ang misyon at mando natin sa mundo: ang isulong ang paghahari ni HesuKristo. Hindi ang makipagsabayan sa *entertainment* ng mundo. Hindi iyan ang ating mando. Hindi ang makipagsabayan sa pagpapayaman. Ang ating misyon ay isulong ang kaharian ng ating Panginoong HesuKristo sa indibidwal na pagpapatotoo man o sa ibat- ibang mga pangkat

na ating pinapangaralan, o sa pamumuhay natin na nagpapakitang tayo ay mga mamamayan ng kaharian. Ngunit darating ang panahon na matatapos ito. Ang isinusulong na paghahari ay mahuhusto at ang huling sasakupin ni HesuKristo ay ang kamatayan. "*Lilipulin Niya ang kamatayan.*" Si HesuKristo ang gagawa! Hindi medisina. . . hindi siyensya, ang dadaig sa kamatayan. Si HesuKristo na nabuhay na! Habang wala pa ang panahong 'yon, mamamatay pa tayo. Ngunit ang mabuting balita ay: maaaring mamatay na handa sa walang hanggan. Ingatan nawa tayong lahat sa ating buhay. Huwag mangyari sa atin ang mabomba bigla sa bus o bumulusok pababa sa isang gondola. Ngunit sino ang makapagsasabi?

Inilagay ko sa *bulletin board* natin ang *News Letter* ng ating *Association,* at isang inilathala namin diyan ay ang mga huling *journal* ni Pastor Noel Cunanan. Umpisa sa unang araw na ibinigay sa kanya ang *diagnosis* na kanyang lubos na ikinabigla, hanggang sa huling araw na bago siya mawalan ng kamalayan. Sa unang araw, binanggit niya ang kanyang pagkabigla at sa bandang huli ng unang pahina ay isinulat nyang, "*I am Afraid to die.*" *This is a Pastor speaking. And who is not?* "Takot akong mamatay." Pastor itong nagsalita. Pero sino bang hindi takot sa kamatayan? . . . Ngunit, sa pinakahuling pahina, ang pinakahuling pangungusap naman niya sa kanyang *Journal* ay, *"I submit to the mysterious providence of God*." "Nagpapasakop ako sa mahiwagang kalooban ng Dios." Iyan ang huling salita ni Pastor Noel Cunanan, isang taong handa sa kawalang-hanggan.

*Ikaw ba ay handa?* Nakaugnay ba ang buhay mo sa mundo sa layon ng Dios na lubusin ang Kanyang kaluwalhatian? May ibang buhay sa mundo para sa kanya na tinanggap ang pangkatapusang layon ng Dios.

*Ngunit darating ang panahon na matatapos ito. Ang isinusulong na paghahari ay mahuhusto at ang huling sasakupin ni HesuKristo ay ang kamatayan.* "Lilipulin Niya ang kamatayan." *Si HesuKristo ang gagawa! Hindi medisina. . . hindi siyensya, ang dadaig sa kamatayan. Si HesuKristo na nabuhay na! Habang wala pa ang panahong 'yon, mamamatay pa tayo. Ngunit ang mabuting balita ay: maaaring mamatay na handa sa walang hanggan.*

*Ito ang paliwanag ngayon sa kasaysayan. Sa pananaw ng mananampalataya, naghahari ngayon si HesuKristo. Sa pananaw ng pahayagan, sa pananaw ng media, ang nagdidikta ng mga pangyayari sa mundo ay ang Amerika, ang Europa, ang ekonomiya, ang mga terorista at iba't- iba pang mga usapin dito sa mundo. Maaaring may sangkap silang ibinibigay sa ating kasaysayan ngunit sa mga mata ng mananampalataya ang lubos na paliwanag dito sa ating kasaysayan ay naghahari si HesuKristo. At ang buhay ng isang mananampalataya ay bilang isang nagpapasakop sa paghahari na iyon. Ang buhay ng Iglesia ay bilang may misyon na isusulong, at palalawakin ang kaharian na iyon. Iyan ang paliwanag natin sa ating buhay.*

## *Ang Buhay, Ang Hukuman, Ang Kordero*

**Tina Tayam-Malinao**

Buhay kay ikli, ngunit may walang hanggan,
Katawang-lupa, hantong ay kamatayan;
Tinatak ng Dios sa ating kamalayan -
Kanyang hukuman ay 'di matatakasan.

Hindi matatapos ang kawalang-hanggan
Pagtibok ng puso, ay may katapusan
Pag-inog ng mundo, ay may kaganapan
At ang lahat, ay haharap sa hukuman

Makamtan man lahat, kahit buong mundo,
Hindi matutubos, ang kasalanan mo
Libang magpasakop sa Dios na may plano,
Kaligtasang sa dugo ni HesuKristo.

Ang pag-ibig ng Dios, wala ngang kapantay!
Walang tutumbas, ibinuwis Nyang buhay
Masama'y inabot ng pinakong Kamay;
Parusa'y inako – biyaya ngang tunay.

Kordero ng Dios, upang ang sanlibutan,
Mapawalang-sala sa Kanyang hukuman;
Makasalanan, lumapit, pagsisihan.
Kahabagan, umayon sa katarungan.

Ang makasalana'y hindi itinaboy,
Patawad, sa trono ng Dios dumadaloy;
Ang masamang nalulubog sa kumunoy,
Sinagip ni Kristo, sa impyernong apoy!

Kung ang alok ng buhay na walang hanggan,
Lagi nang ipagpapabukas na lamang;
Darating ang araw, kahit magsisi man,
Huli na, parusa'y walang katapusan.

Tayong iniligtas, ay magpasalamat
Mensahe'y isaysay, ihayag sa lahat;
Maging ilawan, upang makahikayat,
Sa Dios at Kordero, sasamba ang lahat!

**Naroon ang napakaraming tao na di mabilang ng sinuman... ang nagsisigawan na nagsasabi, ang pagliligtas ay sa aming Dios na nakaupo sa trono at sa Kordero**
**Pahayag 7:9 - 12**